Our Toronto, Tomo 2, Isyu 1

Todo-bigay na inilunsad ng Toronto ang pagdiriwang ng ika-175 na anibersaryo nito

Dinagsa ng mga mamamayan ng Toronto ang City Hall noong Biyernes, ika-6 ng Marso upang mag-aliw sa paglulunsad ng Lungsod ng buong-taong pagdiriwang ng ika-175 na anibersaryo nito.

Ang libre at buong-araw na programa ay nilahukan ng mga tao mula sa sari-saring uri at kulturang siya na ring katangian ng Toronto mismo. Pinahintulutan nito ang mga tao na magbalik-tanaw sa mga pundasyong kinatatayuan ng kasalukuyang Toronto.

Sa Nathan Phillips Square, nakinig ang mga tao sa awitin ng mga koro ng iba't ibang komunidad, nanood ng isang katutubong seremonya ng smudging, at tiningnan ang mga sasakyan para sa serbisyong pangkagipitan ng nakaraan at kasalukuyan.

Tuluy-tuloy ang daloy ng mga aktibidades sa loob habang pinapasyalan ng mga tao ang mga makasaysayang litrato sa mga pader ng rotonda na nagpapaalala sa mga nakaraang taon, at bumibili ng panggunitang librong Toronto's Visual Legacy: Official City Photography from 1856 to the Present. Ang iba naman ay sumadya sa sangay ng Toronto Public Library upang makinig sa mga binabasang tula at magbahagi ng mga alaala sa Bohemian Embassy Revival.

Matunog ang tawanan sa council chamber dahil sa isang serye ng mga dula, kung saan isinadula ng mga batang estudyante at ng unang alkalde ng Toronto, si William Lyon Mackenzie (na ginanapan ng artistang si Eric Peterson), and kauna-unahang debate sa konseho noong 1834. Nang gabing iyon, nag-baliktaktakan sina Mackenzie at si Mayor David Miller sa paghahambing ng mga hamon ng pangangasiwa sa pinakamalaking siyudad sa Canada.

toronto.ca/175

Isang Mensahe mula kay Mayor David Miller

Sa mga panahon ng walang katiyakan sa ekonomya, umaasa ang mga tao sa kanilang mga pamahalaan upang tiyaking ang mga pampublikong serbisyong kanilang inaasahan ay pinoprotektahan at ang mga taong pinakaapektado ng pagbagsak ng ekonomya ay suportado.

Maraming pamilya ang nagdurusa sa resesyong ito. Marami nang nawalan ng trabaho at ang iba nama'y nabawasan ang oras ng trabaho. Nag-aalala sila kung ano ang susunod. Kailangan nilang malaman na ang gubyerno ng Lungsod ay narito upang tulungan sila sa mahirap na panahong ito.

Sa Lungsod ng Toronto, mayroon kaming malinaw na estratehiya na gagabay sa ating tagumpay sa ika-21 siglo. Ang estratehiyang ito ay binuo sa pakikipagtulungan sa mga komunidad ng negosyo, paggawa at akademya. Ito ay tinatawag na Agenda for Prosperity at tumutulong ito sa amin na gawin ang lahat upang mapanatiling nagtatrabaho ang mga tao.

Inilalatag ng Agenda ang apat ng simpleng prinsipyo na gagabay sa kinabukasan ng lungsod na ito.

- Una sa lahat, kailangang aktibong pangunahan ng gubyerno ng City ang pagtatamo ng ating pangkalahatang kasaganahan. Ito ay tinatawag nating Activist Toronto.
- Pangalawa, ang Toronto ay dapat na maging isang lungsod na kumikilala sa lugar nito sa mundo. Ito ay tinatawag nating Global Toronto.
- Pangatlo, ang Toronto ay dapat na maging isang lungsod na pinakikinabangan ang mapaglikhang talino at lakas sa iba't ibang industriya tulad ng disenyo, manupaktura ng pagkain at bioteknolohiya upang maging matagumpay sa ekonomya. Dapat tayong maging Creative Toronto.
- At, higit sa lahat, dapat tayong maging isang lungsod kung saan walang naiiwanan. Tayo ay sama-samang kumikilos upang hanapan ng solusyon ang ating mga panlahatang hamon.

Sa badyet ng taong ito, mayroon kaming ilang paraan upang bigyang-tulong ang mga taong pinakanangangailangan nito. Ang mga ito ay nakahanay sa website ng Lungsod sa toronto.ca/torontohelps at sa isyung ito ng *Our Toronto*.

Ang inyong gubyerno ng Toronto ay may mahaba at maipagmamalaking kasaysayan ng pagbubuo ng lungsod at pagbibigay-suporta sa mga naninirahan dito. Ang ating mga programang pampagkain at nutrisyon para sa mga estudyante; ang ating welcome policy (na nagpapahintulot sa mga pamilyang

may taunang kita na mas mababa sa $40,259 para sa apat na miyembro, na makagamit sa mga programang panlibangan nang libre) at ang hindi pagbabago ng presyo ng pamasahe sa TTC ngayong taon ay mga halimbawa ng mga paraan kung saan sinusubukan naming suportahan ang mga mamamayan ng Toronto.

Kasabay nito, kinikilala naming kailangang mamuhunan para sa kinabukasan ng ating ekonomya at kapaligiran/kalikasan. Ang pangmatagalang layunin ng Council ay ang gawing competitive ang mga buwis sa negosyo sa mga nakapalibot na munisipyo. Sa pangalawang magkasunod na taon, binabaan namin ang mga buwis sa ari-arian para sa mga maliliit na negosyo at mga nangungupahan sa Toronto.

Dagdag sa mga mahahalagang hakbang na ito, lumilikha rin ng mga importanteng puhunan ang Lungsod sa paggamit ng pondo mula sa iba't ibang antas ng gubyerno at sa pribadong sektor upang siguruhin ang kinabukasan ng ating lungsod. Ang mga resulta ng estratehiyang ito ay makikita na sa makahulugang pagdami ng serbisyo ng mga bus ng TTC – ang pinakamalaking pagdami sa kasaysayan ng Toronto Transit Commission upang tugunan ang pangangailangan at lumikha ng 900 trabaho. At gumawa na rin kami ng mga bagong pamumuhunan sa pampublikong transportasyon sa pamamagitan nag ating badyet sa pamumuhunan upang dalhin ang Light Rail Transit ng ika-21 siglo sa bawat kapitbahayan sa Toronto sa pamamagitan ng aming planong Transit City (transitcity.ca).

Gumagawa na rin kami ng matitibay na pamumuhunan sa pamamagitan ng ating capital budget upang labanan ang pagbabago sa klima at tugunan ang mga suliraning dulot ng malubhang panahon tulad ng pagbabaha ng mga basement. Ang ating pang-10-taong programa para sa pamumuhunan, na naghahalagang $25 billion, ay lilikha at magpoprotekta sa 300,000 trabaho – 35,000 dito ay malilikha sa taong ito lamang.

Sa nakaraang resesyon, may mga pagkakamaling nagawa na nagresulta sa kawalan ng tulong o pag-asa para sa maraming mamamayan. Ngayon, ginagawa ng Lungsod ng Toronto and bahagi nito sa pagtulong sa pangangalaga at paglikha ng mga trabaho sa pamamagitan ng pamumuhunan sa pampubliko at pribadong imprastruktura tulad ng pampublikong transportasyon, patubigan at ang proyektong Tower Renewal ng Mayor – isang inisyatibang gagawa ng pag-aangkop ng mga gusaling pang-taong 1950 na gawa sa malalaking tipak ng kongkreto upang hindi magastos para sa mga residente ang kuryente at tubig habang muling pinasisigla ang kanilang mga komunidad.

Sa ganitong paraan, kami ay naglalatag ng matibay na pundasyon para sa ating kinabukasan habang lumilikha ng trabahong na magpapahintulot sa mga taga-Toronto na magtagumpay sa kinabukasan.

Ang ating lungsod ang kinaiinggitan ng buong mundo. Marami tayong dapat ipagmalaki: ang ating matatag na pinansyal na sektor, ang ating mga unibersidad at mga ospital na ginagamit sa pagtuturo na may pandaigdigang-tayog, at ang ating makabagong industriya sa sine, telebisyon at bagong media – ilan lang ang mga ito. Ngunit higit sa lahat, maaari nating ipagmalaki ang ating pagbubuklod upang tiyaking ang bawat mamamayan ng Toronto sa bawat kapitbahayan ay may mga tunay na pagkakataon, ano pa man ang kanyang pinagmulan o kinikita.

Iyan ang aming layunin sa City of Toronto. At alam kong nakikibahagi ang mga mamamayan ng Toronto sa layunin ng isang masagana at kaaya-ayang tirhang lungsod na may oportunidad para sa lahat. Ang isyung ito ng *Our City* ay magbibigay ng karagdagang detalye ng mga pagsisikap na aming ginagawa – kasama kayo – upang likhain ang kahanga-hangang lungsod na iyon.

Sinasalamin ng Badyet ng Toronto ang papel ng pamahalaang Lungsod at tumutugon sa kalagayan ng ekonomya

Ipinasa ng Lungsod ng Toronto ang 2009 Operating Budget nito noong ika-31 ng Marso. Sinasalamin ng badyet ang 24 oras/7-araw na papel ng pamahalaang Lungsod sa pangangalaga nito sa mga residente at pagbibigay ng mga serbisyo. Ang Operating Budget ng Lungsod ay dagdag pa sa programa ng Capital Budget na inaprubahan ng Sanggunian nitong nakaraan Disyembre, naglaan ng $25 bilyon sa paglikha at pagprotekta sa 35,000 trabaho ngayong taon at mahigit sa 300,000 trabaho sa susunod na 10 taon.

Ibinibigay ng mga lokal na pamahalaan ang mga serbisyo na may pinakadirektang epekto sa kalidad ng buhay ng isang residente. Lalong totoo ito ngayong kumikilos ang Lungsod para harapin ang mga hamon ng resesyon. Kritikal ang suportang ibinibigay ng badyet sa mga residente para sa mga programang kaugnay ng pagpapagaan ng buwis, puhunan pondo para sa pagbubuo ng lungsod at pondo para sa pagpoprograma para sa mga naghahanap ng trabaho, mga kabataan at matatanda.

Ang Operating Budget ay naglalaman din ng mahahalagang bagong puhunan sa maraming prayoridad ng sanggunian, kasama na ang: pamamasahe o transit, kalusugan at kagalingan ng komunidad, serbisyo sa customer, pakikitungo sa gubyerno at pagbaka sa mga epekto ng pagbabago ng klima. Ipinako na ng Lungsod ang presyo ng pamasahe sa TTC, gayundin ang butaw para sa pagkolekta ng basura sa taong 2009. Para matulungan ang pamilihan sa pabahay at ang sektor ng konstruksyon sa panahon ng pagbulusok ng ekonomya, ipinako na rin ng Lungsod sa kasalukuyang presyo nito ang singil sa pagpapaunlad hanggang Enero 31, 2011.

Ang 4% pagtaas ng buwis sa pag-aaring tirahan ay mangangahulugan ng pagtaas ng $89 sa halaga ng isang bahay na may nakatayang halagang $387,680. Susing bahagi ng Operating Budget ang pagdagdag ng mga programang nagbibigay-daan sa pagkansela o pagpapaliban ng pagtaas ng buwis sa ari-arian para sa mga matatandang mababa ang kita at mga taong may kapansanan. Para sa Property Tax Increase Cancellation Program, ang panimulang kita ay tumataas mula $26,000 patungong $36,000 sa isang taon, at ang kaitaasang pagtatasa ay tumataas mula $454,000 patungong $525,000. Ito'y nangangahulugang ang bilang ng karapatdapat na pamamahay ay tataas ng 25%. Ang panimulang kita para sa Property Tax Increase Deferral Program ay tataas mula mababa sa $40,000 patungong mababa sa $50,000. Darami ng 32% ang karapatdapat na mga pamamahay kaysa sa noong 2008. Ang Lungsod ay

mayroon ding diskwento sa singil sa tubig oara sa mahihirap ng mga matanda at mga taong may kapansanan. Ang mga detalye tungkol sa pag-aplay para sa mga programang ito makakasama sa pinal na mga kuwenta ng buwis sa pag-aari at sa susunod na edisyon ng *Our Toronto*.

Ang pagpapatuloy ng pagbawas sa buwis sa pag-aaring pang-negosyo ay bahagi ng plano ng Toronto City Council na pahusayin ang klima sa Toronto para sa pagnenegosyo at dagdag sa partikular na mga programa ng Lungsod para suportahan ang negosyo tulad ng Tax Increment Equivalent Grants, Better Building Partnership, Energy Reduction Loan Program at ang Heritage Incentives Capital Grant ant Tax Rebate Programs. Wala sa badyet ang pagtaas ng Municipal Land Transfer Tax (MLTT) o Personal Vehicle Tax (PVT).

Kasama sa badyet ang pagtaas sa user fees nang mga 3.7% para sa maraming programang kasalukuyang sumisingil nito upang masagot ang gastos sa pagpapatupad ng programa o pag-upa ng lugar/pasilidad para dito. (Halimbawa, ang isang 12 linggong adult aquatic pass ay tataas ng $3.50, mula $94.50 patungong $98.) Hindi sinasagot ng mga user fee ang buong halaga ng pagbibigay ng programa.

Ang kabuuang Operating Budget para sa 2009 ay $8.7 bilyon. 32% nito ay pambayad ng gastos para sa mga programang kailangan ng probinsya at pinagsasaluhan ng lungsod at probinsya ang gastos. 17% ng badyet ay para sa paghahatid sa mga residente at negosyo ng serbisyo ng pulis, bumbero at medikal sa panahon ng emerhensya at 16% naman ay para sa bahagi ng pamasahe na hindi sagot ng buwis mula sa pamasahe sa TTC. 14% ng mungkahing badyet ay nakatuon sa gastos para sa ibang serbisyo ng lungsod tulad ng sa mga parke, palagubatan at libangan, aklatan, pangangalaga ng mga daan, pag-alis ng yelo, kaunlaran ng ekonomya, pagpaplano at pagbibigay ng lisensya at mga alituntunin.

Ang Lungsod ay mayroong Operating at Capital Budget. Ang pang-araw-araw na operasyon ng mga serbisyo ng Lungsod ay sinasagot ng Operating Budget ng Lungsod (inilarawan sa itaas). Ang perang ito ay nakalaan sa mga pasahod at panggastos tulad ng para sa upa, gasolina, kuryente, kagamitan, atbp. Ang paghahatid ng mga serbisyo ng Lungsod tulad ng sa pulis, bumbero, medikal sa panahon ng kagipitan, TTC, mga aklatan, parke at libangan, pag-alis ng yelo, pangangalaga sa mga kalye, pag-alaga ng bata at marami pang iba ay binabayaran sa pamamagitan ng Operating Budget ng Lungsod..

Inilalabas din ng Lungsod ang 10-taong-$25 bilyong planong pangangapital na inaprubahan langn nitong nakaraang Disyembre. Sinasagot ng Capital Budget ng Lungsod ang konstruksyon at pangangalaga sa mga lansangan, pamimili ng mga sasakyang pampasahe, pagtatayo ng mayor na mga pasilidad, at mayor na mga kagamitan at gamit. Pinopondohan din nito ang pagmamantini at pgtatayo ng mga ari-arian at imprastruktura ng Lungsod na mahalaga rin naman sa pagsuporta ng mga serbisyo para sa mga residente at negosyante.



** Other – kasama ang pangkalahatang mga sinisingil ng gubyerno tulad ng mga kabayaran sa municipal property assessment corporation (MPAC), mas maliit na mga programa ng Lungsod tulad ng sa pasilidad, lupa at istruktura, at Treasurer's office, at maliliit na ahensya at komisyon ng lungsod tulad ng Exhibition Place at the Toronto Zoo.*

(for below)
Iba pang kita:
- pagpapaupa sa mga ari-arian
- kita mula sa interes
- kita mula sa pamumuhunan
- mga donasyon
- pagbebenta ng mga muling ginamit (recycled) na materyales
- pagbebenta ng iba pang materyales

- nabawi na kita mula sa pagkalugi sa pagpapaseguro
- kita mula sa mga sertipiko sa pagpaparehistro ng buwis.

Saan nanggagaling ang pera?



toronto.ca/budget2009

Tinutulungan ng Employment and Social Services ang mga residenteng naghahanap ng trabaho at suportang pinansyal

Habang nagbibigay ang Toronto Employment and Social Services ng suportang pinansyal at sosyal sa mga residente ng Toronto, nagbibigay din sila ng direktang suporta sa paghahanap ng trabaho sa pamamagitan ng kanilang mga Employment Resource Centres. Ang 14 na upsina ay tinatauhan ng mga sinanay na espesyalista para tumulong sa mga taga-Toronto na walang trabaho o walang sapat na trabaho. Kasama rito ang pagtulong sa mga taong tinanggal sa trabaho pati na rin yung mga nagtatrabaho na subalit naghahanap ng mas istable o mas mahusay na trabaho.

Kasama sa mga libreng serbisyo ang suporta sa paghahanap ng trabaho, paggamit ng computer, mga workshop para sa paglilinang ng propesyon at pagpapaskil ng maaaring pasukang mga trabaho. Bukas sa mga residente ng Toronto ang mga serbisyong ito na makikita saanman sa mga Employment Resource Centres, nakalista sa toronto.ca/socialservices.

Naglalaan din ng mahahalagang benepisyo at suporta ang Toronto Employment and Social Services sa mga karapatdapat na taong nangangailangan ng pinansya. “Tinatanaw naming mapalakas ang panlipunan at pang-ekonomyang kabutihan ng mga taga-Toronto sa kani-kanilang mga komunidad,” ani Heather MacVicar, na General Manager. “Araw-araw puspusan kaming kumikilos para maging isang katotohanan ang pananaw na iyan.”

May pinansyal na suporta para sa pagkain, tuluyan, damit at iba pang gastos pambahay, gayundin para sa mga suplay at serbisyong medikal.

Maaaring umaplay para sa tulong ang mga residente sa pamamagitan ng pagtawag sa Application Centre sa 416-397-0330 o di kaya’y sa toronto.ca/socialservices. Ang aming website ay mayroong panukat ng pagiging karapatdapat, na makakatulong para malaman ng mga tao kung maaari silang tumanggap ng mga benepisyo, at mahahalagang detalye tungkol sa aming mga serbisyo sa paghahanap ng trabaho at pinansyal na mga benepisyo.

Tampok din sa aming website ang maraming inisyatibang nilalahukan ng Employment and Social Services. Aktibo kaming nakikipag-ugnayan sa mga employer at iba pang kasosyo para matiyak na ang mga residente ng Toronto ay maka-ugnay sa mga pagkakataon at suportang kailangan nila para makatulong sa kanila sa kasalukuyang panahon ng kagipitan.

416-397-0330 – para umaplay ng tulong
416-392-2956 – para sa impormasyon tungkol sa Employment & Social Services
toronto.ca/socialservices

125 taon ng kalusugan ng mamamayan: isang kahawa-hawang ideya

Naiisip ba ninyo kung bakit kailangang pabakunahan ang inyong mga anak kung sila'y pumapasok na sa paaralan? O kung bakit kailangang pakuluan ang gatas para maalis ang bakterya? O kung bakit isang pamantayan ng kalusugan ang pamamahay? Ang sagot sa mga tanong na iyan ay makikita sa isang eksibit sa City of Toronto Archives, na matatagpuan sa Spadina Road, sa hilaga ng Dupont.

Ipinakikita ng eksibit na ito ang isang seleksyon ng mga lirato at dokumentong naka-arkibo mula 1883 hanggang sa kasalukuyan. Sinisiyasat nito ang mga tema ng serbisyong pagkalusugan para sa mga bata, ang pagpupunyagi para sa malinis na tubig at hangin, at ang pag-unlad ng pabahay at mga serbisyong panlipunan.

Tatakbo ang eksibit hanggang katapusan ng Abril. The exhibit continues until the end of April. Maaari nang magpatala nang mas maaga ang mga grupo. Inaanyayahan ang mga grupo mula sa mga paaralan na samantalahin ang isang programa ng pag-aaral naidinisenyo para sa mga mag-aaral na nasa Grade 8; bukas din ito sa mga mag-aaral mula sa ibang grado.

toronto.ca/archives
416-397-5000

Nadagdagan ang libreng serbisyo sa pangangalaga ng ngipin para sa mga kabataang mababa ang kita at para sa karapatdapat na matatanda

Bilang bahagi ng estratehiya ng gubyerno ng Ontario sa pagbawas sa kahirapan, tumanggap ang Toronto Public Health at ibang yunit ng kalusugang publiko ng dagdag na pondo para palawakin ang abot ng kagyat at esensyal na serbisyo sa pangangalaga ng ngipin ng mga bata sa mga pamilyang mababa ang sahod.

Ang programang City of Toronto Children in Need of Treatment ay naghahatid na ngayon ng pangemerhensyang serbisyo sa pangangalaga ng ngipin ng mga batang nasa hanggang 17 taong gulang at nagmumula sa mga pamilyang mababa ang kinikita. Dati-rati'y ang angkop ng edad ay mula sa kapanganakan hanggang 13 taong gulang.

"Bilang doktor, batid kong ang di malusog na kalagayan sa bibig at mga ngipin ay nakakapagpababa sa kalidad ng buhay ng isang tao," ani Dr. David McKeown, Medical Officer of Health paa sa Lungsod ng Toronto. "Maari itong magkaroon ng malalang epekto sa kumpyansa ng isang tao sa kanyang sarili, sa kanilang kakayanang makahanap ng trabaho, at makipagkapwa-tao."

Dagdag pa, ang di nagagamot na mga impeksyon sa ngipin ay makakadagdag sa matagalang mga sakit tulad ng mga sakit sa puso at sa baga, at diabetes.

"Malugod ang pagtanggap sa paglawak ng programa sa pangangalaga ng ngipin ng Toronto Public Health laluna sa kasalukuyang panahon na walang katiyakan sa kabuhayan at papalaking bilang ng nawawalan ng trabaho," dagdag pa ni Dr. McKeown. "Masasabi nating darami pa ang magulang na di makakayang magbigay ng kahit pinakabatayang pangangailangan sa pangangalaga ng ngipin ng kanilang mga anak. Hinihiling namin sa gubyerno ng probinsya na ipagpatuloy ang pagpapahusay ng serbisyo sa pangangalaga ng ngipin para sa lahat anuman ang kanilang edad."

Naghahatid ng libreng serbisyo sa pangangalaga ng ngipin ang Toronto Public Health sa karapatdapat na mga bata at matatandang mula sa iba't ibang lahi o mahigit 30 wika, sa 10 klinika sa pangangalaga ng kalusugan ng ngipin at apat pang klinika sa mga Community Health Centres.

toronto.ca/health
416-338-7600

Community Partnership and Investment Program (CPIP)

Ang CPIP ang isa sa mga paraan ng pakikisosyo ng Lungsod sa komunidad para matiyak na ang iba't ibang pangangailangan ng mga pamayanan at iba't ibang komunidad ay natutugunan. Ang mga aktibidad na pinopondohan ng CPIP ay nag-aambag sa pagpapahusay ng kalidad ng buhay sa Toronto sa pamamagitan ng paghahatid ng mga serbisyo at pagbubuo ng komunidad. Mahigit 900 organisasyon ang kalahok sa pagsuporta sa mga mahihirap at nasasapanganib na mga komunidad. Kaligtasan, serbisyong pangkomunidad, libangan, pagpigil sa AIDS at mga droga, mga isyung kaugnay ng pabahay at kawalan ng matirhan, at pagpapakain ng mga mag-aaral ang ilan lamang sa maraming programang sinusuporthan ng CPIP.

Ang mga aktibidad ng Lungsod sa pagpopondo ay ginagabayan ng mga prinsipyo ng pagkakaroon ng madulas na paraan ng pag-abot, pagka-makatarungan at pagkakapantay-pantay, pagiging bukas at litaw, pagkakaroon ng pananagutan, at kakayanang tumugon.

Ang bawat eryang sineserbisyuhan ay nakaugnay sa Strategic Plan ng Lungsod at tumutugon sa partikular na prayoridad ng sanggunian, kasama na ang partisipasyon ng mga mamamayan, pagpapalakas ng mga pamayanan, pagpapahusay ng klima para sa negosyo at pagpapalakas sa kakayanan ng komunidad, pantay na kakayanang makaabot/makagamit ng mga serbisyo at pagkilala sa pagkakaiba-iba. Ang mga programa ng pagpopondo sa mga komunidad ay estratehikong instrumento rin para matamo ang mga panlipunan, pang-ekonomya at pangkulturang layunin. Ito'y nagtataguyod ng pleksibilidad sa paghahatid ng serbisyo, binibigyang-halaga ang mga modelo ng pagdala ng mga programa sa partikular na mga komunidad, nag-aambag sa pag-iimpok sa mga komunidad, nakakadagdag sa kita mula sa turismo, at hinahayaan ang mga organisasyon na gumamit o magpakilos ng mga rekurso galing sa ibang mapagkukunan nito.

Nag-impok ang CPIP ng $45 milyon (2009 aprubadong badyet) para matiyak na may isang istableng sektor ng komunidad na makikipagtrabaho kasama ng, at para sa mga komunidad para tukuyin ang mga isyu at tugunan ang mga ito ng angkop na lokal na mga programa at serbisyong pinatatakbo ng mga boluntaryo. Noong 2008, mahigit 100,000 boluntaryo ang tumulong na maghatid ng mga serbisyong pinondohan ng CPIP.

Narito ang ilang halimbawa ng mga programa at serbisyong suportado ng Lungsod:

St. Christopher House

- Ksama sa mga serbisyong inilalaan ng organisasyon ang adult literacy, programa para sa mga bata at kabataan, kaunlarang pangkomunidad, programa para sa paghadlang sa pang-aabuso sa matatanda, adult drop-in, centre para sa mga matatanda, meals on wheels, tulong sa mga tahanan, client intervention, serbisyo para sa mga bagong migrante, programa ng summer day camp at drop-in program para sa mga indibidwal na walang matuluyan.
- Noong 2007, 11,176 indibidwal ang nakinabang sa mga programa ng organisasyon.
- May kabuuang $192,385 ang inaprubahan noong 2008 sa pamamagitan ng Community Services Partnership para sa walong programang pinapatakbo ng organisasyon.

Flemingdon Neighbourhood Services

- Sineserbisyuhan ng organisasyong ito ang mga kliyenteng taga-Toronto at East York, North York at Scarborough Community Council Districts, kasama na ang mga pamayanang prayoridad para sa pamumuhunan.
- Sa pamamagitan ng kanilang mga proyekto sa Housing Help, kasama sa mga serbisyong ibinibigay ng organisasyon ang tulong sa paghahanap ng tirahan, sa tirahang may subsidyo, mga workshop para sa mga nangungupahan at tagapaghatid ng serbisyo, tulong sa utilities, pakikipag-ugnay sa mga kasero at pag-iistabilisa sa pamamahay. May serbisyo rin sa pag-iwas/pagpigil sa pagpapatalsik kasama na ang edujasyon, pagtataguyod/pangangampanya at pagpapatulong sa Rent Bank. May mga serbisyo rin sa pabahay labas sa subalit nasa tapat lang ng kasalukuyang pwesto nito.
- Noong 2007, 1,500 kliyente ang naserbisyuhan ng mga proyektong ito.
- May kabuuang $242,378 ang inaprubahan noong 2008 sa pamamagitan ng Homelessness Initiatives Fund para sa mga proyektong ito.

Philippine Women Centre of Ontario

- May mga serbisyo at programa na sumusuporta at nagbibigay-kapangyarihan sa mga kababaihang Pilipino na alamin ang ugat ng mga balakid na kanilang hinaharap at kamtin ang kanilang mga karapatan sa lipunang Canadian.
- Inaprubahan ang $10,000 noong 2008 sa pamamagitan ng Access, Equity & Human Rights Partnership and Investment Program para sa isang proyektong pagbubuo ng kakayanan at pagtataguyod. Ang proyekto'y dinisenyo upang:
    - Magsaliksik sa komunidad tungkol sa pagsasama sa lipunan at partisipasyon ng mamamayan sa loob ng komunidad ng mga Pilipino

- Maglunsad ng mga workshop para sa edukasyon ng kababaihan at kabataan tungkol sa anti-rasismo para mapalahok ang mga miyembro nito sa proseso ng pagbubuo ng patakaran o batas pampubliko.

Native Child and Family Services of Toronto

- Nagseserbisyo sa mga miyembro ng Native Communities sa buong Lungsod ng Toronto at nag-aalok ng serbisyo para sa proteksyon, mga programa sa paggamot at pagpapagaling, mga serbisyo sa paghadlang o pagpigil at serbisyong pangkabataan.
- Inaprubahan ang $35,000 noong 2008 sa pamamagitan ng Major Recreation Partnership Program para sa Aboriginal Social Recreation Program. Kasama sa programa ang:
    - Koordinasyon ng lahat ng programang panlibang sa mga katutubong mga bata at kabataan sa Scarborough
    - Mga tradisyunal na sirkulo para sa kuwentuhan/usapan
    - Mga aktibidad na panlibang– paglangoy, sama-samang pagtatambol, pasayaw, atbp.

toronto.ca/divisions/sda.htm

Tuloy ang programa sa pagpapalit ng Toronto ng mga tubong tingga

Patuloy na hinaharap ng Lungsod ang mga isyu kaugnay ng tinga sa inuming tubig. Narito ngayon ang dapat malaman ng mga residente tungkol sa mga tubong tingga, sino ang nanganganib at ano ang ginagawa ng Lungsod para iwasto ang problema.

Ang Toronto ay may lampas sa 470,000 kuneksyon (ang tubong tumatakbo mula sa isang pangunahing tubo na pinagmumulan nito sa ilalim ng lupa patungo sa mga tubong nasa labas ng bahay ng isang pamilya) sa sistema ng paghahatid nito ng tubig sa mga bahay. Responsibilidad ng Lungsod ang mga kuneksyong ito at may 60,000 dito ay gawa sa tingga. Dagdag pa sa mga kuneksyong ito, ang mga tubong tingga mula sa labas ng bahay patungo sa loob nito, at sa sistema ng mga tubo sa loob mismo ng bahay ay maaaring naglalaman din ng tingga. Ang mga tubong ito ay responsibilidad ng may-ari ng bahay.

Karaniwan ang mga tubong tingga sa mga bahay na itinayo bago sa kalagitnaan ng mga 1950 at matatagpuan sa mga sinaunang mga lugar sa lungsod. Ang mga tubong tingga ay maaaring maagnas habang tumatagal ito at nagkakalat ito ng tingga sa tubig na inumin. Ang pagpapalit sa bagong mga tubong tingga ang pinaka-epektibong paraan para maalis ang potensyal na panganib. Ang mga bahay na itinayo pagkatapos ng mga 1950 ay walang mga tubong tingga. Ang mga apartment at condo, ilan mang taon nang nakatayo ito, ay walang mga tubong tingga.

Noong 2007, inaprubahan ng Toronto City Council ang isang programa na papalitan ang lahat ng pag-aari ng Lungsod na kuneksyong gawa sa tingga sa loob ng siyam na taon. Ang programang ito ang isa sa pinaka-agresibo sa buong North America. Hinihikayat ang mga maybahay na palitan ang kanilang mga tubong tingga habang pinapalitan ng Lungsod ang kanila namang bahaging publiko. Ang pagpapalit sa mga tubo ng mga maybahay ay maaaring abutin ng humigit-kumulang $1,800 hanggang $3,000 depende sa laki ng propyedad at materyales na ginamit. Ang mga residente ay paaabutan agad ng mga kontratista ng lungsod na gumagawa ng mga pagpapalit bago simulan ang trabaho sa bawat pamayanan.

Hangga't hindi natatapos ang programa ng pagpapalit ng mga tubo, mababawasan ang panganib sa tingga ng simpleng mga paraan ng flushing. Para i-flush ang inyong gripo, patakbuhin ang gripo para sa malamig na tubig hanggang lumamig ito, tapos patuloy na patakbuhin ito hanggang isang minuto.

Dapat itong gawin ng mga residente sa mga bahay na may tubong tingga BAGO inumin o ipanluto ang tubig. Hindi nakakaalis ng tingga ang pagpapakulo ng tubig. Upang makapagtipid sa tubig, itabi sa fridge ang isang pitsel ang inuming tubig sa halip na mag-flush ng gripo ng ilang beses sa isang araw. Ang iba pang aktibidad tulad ng paliligo/pag-shower at pag-flush ng toilet ay makakabawas sa pangangailangang i-flush ang mga gripo.

Kung sa sa sarili lang nito, ang tingga sa tubig na inumin ay bihirang makapagpataas ng antas ng tingga sa katawan ng mga may edad na. Subalit ang mga batang wala pang anim na taong gulang at ang mga fetus ay bulnerable sa nakasasamang epekto ng tingga. Kung mayroon kayong mga tubong tingga, at mga batang wala pang anim na taong gulang, sa partikular, mga sanggol na pinapasuso ng pormulang may halong tubig mula sa gripo, o kung kayo'y buntis, inirerekomenda ng Toronto Public Health ang dagdag na pag-iingat sa pamamagitan ng paggamit ng filter na sertipikado ng National Sanitation Foundation (NSF) upang maalis ang tingga. Hanapin ang markang NSF-53 sa tatak nito kung bibili ng filter.

Ang testing para sa tingga
Ang mga residenteng nakatira sa mga luma nang bahay ay maaaring tumawag sa Toronto Water Laboratory sa 416-392-2894 upang magrehistro para sa isang libreng pag-test sa tingga. Kung nakarehistro na, papupuntahin ang mga tumawag sa isang upisina ng Toronto Public Health para kumuha ng ispesyal na bote at mga tagubilin tungkol sa pagkolekta. Sa pagsauli ng sample, gagawa ng pag-test sa tingga ang Toronto Water Laboratory at ipapaalam sa mga residente ang resulta.

Ang sumusunod na mga upisina ng Toronto Public Health ay mayroong mga kit ng pag-test sa tingga:

West Region
Etobicoke Civic Centre, 4th floor
399 The West Mall, at Burnhamthorpe Road

North Region
North York Civic Centre, 2nd floor
5100 Yonge Street, north ng Sheppard Avenue

East Region
1530 Markham Road, 5th floor
sa Milner Avenue, north ng Hwy. 401

South Region

- 2340 Dundas Street West, sa main floor kalapit ng istasyon ng subway sa Dundas West, sa lugar na kilalang The Crossways
- 44 Victoria Street, 18th Floor Adelaide Street, north ng King Street
- East York Civic Centre, main floor 850 Coxwell Avenue, sa Mortimer Avenue

toronto.ca/water
toronto.ca/health/lead

Sumusporta ang Toronto/Botswana AIDS Partnership sa mga kabataan

Ang Botswana ay mayroong isa sa pinakamataas na antas ng impeksyong dala ng HIV/AIDS sa mundo. Ang Toronto Public Health, (TPH), para sa Lungsod ng Toronto ay namumuno sa pagpapalitan ng kasanayan at karanasan sa paglabann sa salot na dala ng sakit na ito. Nagbubuo rin ang TPH ng pakikipagsosyo sa ilang mga ahensyang di-pang-negosyo para tumugon sa malawakang pagkalat ng HIV/AIDS. Halimbawa, nagbigay ang Casey House ng pagtuturo at pagsasanay sa mga kagawad ng Home Based Care sa Botswana tungkol sa pagpapaginhawa at pagbigay ng suporta sa mga tao nasa mga huling yugto na ng sakit na AIDS.

Ang pakikipagsosyo ay pangunahing nakapokus ngayon sa pagpapalahok ng mga kabataan. Pinapatunayang malaking tagumpay sa paghadlang sa pagkalat ng HIV/AIDS ang naaabot ng mga inisyatibang pang-edukasyon, pangkultura at panlibangan na nakatuon sa kabataan. Dahil naaaliw ang mga kabataan sa paglalaro ng soccer, ang Lungsod ng Toronto at ang Konseho ng Distrito sa Timog-Silangan (sa Kenya), kasosyo ng Commonwealth Games Canada at Mathare Youth Sports Association sa Kenya, ay naglunsad ng inisyatibang pinamumunuan ng kabataan - ang Kicking AIDS Out (na ngayo'y kilala bilang South East District Youth Empowerment League, o SEDYEL). May bagong bukas na sentro para sa kabataan sa Timig-Silangang Distrito ng Botswana at 100 pangkat na ang naitayo – 27 nito'y pangkababaihan (kauna-unahan sa Botswana!). May tinatayang 2,000 bata at mga kabataan mula sa lahat ng baryo ng distrito na lalahok sa mga aktibidad ng SEDYEL.

Si Konsehal Kyle Rae ang nagbukas ng matagal nang hinihintay na sentro, na pinondohan pangunahin sa pamamagitan ng City of Toronto Global AIDS Fund. Ang Federation of Canadian Municipalities (FCM) naman ang naglaan ng pondo para makarating ang Konsehal at mga kagawad ng TPH – sina Barbara Emanuel at Liz Janzen – sa upisyal na pagbubukas at selebrasyon. May 300 na taong dumalo sa okasyong ito.

"Ang pakikiramay, pag-aalala at kagandahang loob ng Toronto ay nakapagbuo ng pundasyon ng pag-asa para sa kinabukasan," ani Konsehal Rae. "Ang pagkalikha ng ligtas na ispasyo para makapaglaro ng soccer ang mga kabataan at matuto tungkol sa paghadlang sa HIV/AIDS ay isang pamanang maipagmamalaki ng Toronto na naitatag nito sa kabukiran ng Botswana."

Hindi man natukoy ang pagpigil sa karahasan bilang partikular na layunin ng pagtutulungan, pinatutunayan ng mga kuwento na malinaw ang pagkabawas ng

mga insidente ng karahasan sa hanay ng mga kabataan dahil sa pagkakatatag ng SEDYEL. Ngayon, ang mga dating miyembro ng gang ay nasa mga pusisyon ng pamumuno. Malaking porsyento ng kabataan sa distrito ay kalahok sa liga ng football bilang mga coach, referee, manlalaro, mga guro sa kanilang hanay at gumaganap sa teatro.

toronto.ca/health/botswana_index.htm

Nagpapaayos kayo ng inyong bahay? Maniguro – kumuha ng permit!

Bakit ko kailangan ng building permit?
Ang building permit ay nakakatulong magtiyak na anumang pagbabago sa istruktura ng inyong bahay ay ligtas. Bilang bahagi ng proseso ng pagkuha ng building permit, kailangang repasuhin ng kagawad ng Toronto Building ang inyong mga plano; ito'y para matiyak nila na umaayon ito sa mga batas at alituntunin ng probinsya o munisipyo sa kaligtasan/mga gusali. Kadalasan, ang mga Plan Examiners at Inspector ay makapagmumungkahi sa kung paano ninyo malulutas o maiiwasan ang mga problema sa konstruksyon. Noong nakaraang taon, Nagbigay ang Lungsod ng 34,456 na building permit.

Gaano katagal makakuha ng building permit?
Ang Lungsod ng Toronto ay nag-aalok ng serbisyo sa pagrerepaso/pagsusuri na Residential FASTRACK. Ito'y para sa mas mabilis na serbisyo ng pagsusuri/ pagbabalik-aral. Para sa mas maliit, di gaanong kumplikado mga proyekto ng konstruksyon, layunin naming mailabas ang inyong permit habang kayo'y naghihintay. Sa ilang pagkakataon, maaaring abutin ng 5 araw para matapos ang pagbabalik-aral.

Magkano ang building permit?
Ang presyo para makakuha ng building permit ay magdedpende sa tipo ng proposal para sa konstruksyon. Halimbawa, ang bayad sa permit sa bahay para sa isang pamilya ay $14.46 bawat metro kwadrado ng erya ng palapag.

Kailan ko kailangan ng building permit?
Kakailanganin ninyo ang building permit kung kayo'y:

- Magtatayo ng bagong gusali
- Magbabago, magpapaayos, o magdadagdag sa nakatayo nang gusali
- Gigiba o mag-aalis ng buo o bahagi ng isang gusali
- Magbabago ng gamit ng isang gusali
- Maglalagay, magbabago o mag-aalis ng mga dibisyon at mabibigat na pader
- Gagawa ng daan para sa o magbabago ng sukat ng mga pintuan at bintana
- Magtatayo ng garahe, balkonahe o deck
- Huhukay para bumuo ng basement o magtatatag ng pundasyon
- Maglalagay o magbabago ng sistema ng heating, mga tubo para sa tubig o air-conditioning
- Maglalagay o muling magtatayo ng mga tsiminea o pausukan

Sa maraming pagkakataon, ang inyong taga-disenyo o kontratista ang kukuha ng permit para sa inyo; gayunman, bilang may-ari ng gusali, sa kahuli-hulihan, kayo ang responsible sa pagtupad sa lahat ng rekisitos sa pagkuha ng bulding permit.

Toronto and East York District
Toronto City Hall
100 Queen St. W.
416-392-7539

North York District
North York Civic Centre
5100 Yonge St.
416-395-7000

Etobicoke York District
Etobicoke Civic Centre
2 Civic Centre Ct.
416-394-8002

Scarborough District
Scarborough Civic Centre
150 Borough Dr.
416-396-7526

toronto.ca/building

Balita sa pagbabawal sa mga pistola

Hanggang noong ika-31 ng Marso, 71,522 tao ang pumirma na sa petsiyong nasa internet para ipagbawal ang mga pistola sa buong Canada.

Ang kailangang malaman ng lahat
Ang pagiging handa …tungkulin ito ng lahat

Hindi nakaplano ang mga emerhensya, subalit maaari nating planuhin ang gagawin kung maganap ang mga ito. Para maging handa sa mga ito, ang Emergency Services ng Pamahalaang Lungsod ay malapit na nakikipagtulungan sa mga tagaplano ng pagharap sa emerhensya. Habang handang umalalay ang Pamahalaang Lungsod sa mga residente sa panahon ng emerhensya, kailangan ding tulungan ng residente ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagiging handa nang mabuti.

Ang emerhensya'y maaaring iluwal ng isang umiiral nang panganib o maaaring nasa anyo ng isang banta ng paparating na sitwasyong makakaapekto sa pag-aari, o sa kalusugan, kaligtasan at kagalingan ng komunidad. Minsan may babala tayo na paparating ang masamang panahon at may pagkakataon tayong maghanda, subalit mas madalas na nagaganap ang emerhensya nang walang paunawa.

Ang mga potensyal na bantang hinaharap natin sa Toronto ay maaaring magmula sa mga natural na peligrong tulad ng malalang panahon, baha at bagyo sa taglamig (winter storm) hanggang sa malalaking sunog o isang malaking pangyayari na nakakagambala sa ating normal na pamumuhay. Nitong nakaraang tag-init, dalawang malaking sunog sa lungsod ang pumwersa sa mga residenteng iwanan ang kanilang mga bahay sa mahaba-habang panahon.

Ilang panimulang pagpaplano ay makakatulong sa inyong maging handa kung maganap ang isang emerhensya.

Mangyaring maglaan kayo ng kaunting panahon para repasuhin ang impormasyong ito at magbigay ng panahong makapaghanda.

PROTEKTAHAN ANG INYONG SARILI
Ang mga may-ari ng bahay AT nangungupahan ay dapat na may insurance.

Ang insurance sa bahay ay makakaprotekta sa inyo at sa inyong pamilya; ito'y makatutulong sa pagpapalit o pagkukumpuni ng ari-ariang nasira sa isang mayor na insidente tulad ng sunog o malaking pagsabog. Kung kayo'y may insurance coverage, maaari din nitong bayaran ang pagkasira ng ari-arian dala ng pag-agos ng tubig sa inyong bahay o basement apartment mula sa nagbarang

imburnal. At kung mapwersa kayong umalis ng bahay o apartment habang inaayos ito, maaaring sagutin din ng insurance ang gastos ninyo sa pamumuhay habang tumitira sa ibang lugar.

Ang Lungsod ay tumutugon sa mga emerhensya sa pamamagitan ng pagharap sa kagyat na mga panganib na nagbabanta sa buhay at pag-aari, tulad ng sunog o baha, sa pamamagitan ng pagbibigay ng pangangalagang medical, pagtuturo at pagtulong sa mga residente tungkol sa mga hakbang sa ebakwasyon, at paghahanap ng pansamantalang matutuluyang pang-emerhensya. Hindi nito binabayaran ang gastos sa pagpapalit o pagkukumpuni ng mga personal na ari-arian, gayunman ang pangmatagalang tirahan habang inaayos ang isang bahay o muling itinatayo.

Ang pag-intindi sa kung gaano kalaking insurance ang inyong kailangan ang siyang unang hakbang sa pagtukoy ng plano na tama para sa inyo. Para matulungan kayong matunton ang inyong mga personal na pag-aari, ang Insurance Bureau of Canada (IBC) ay nagbibigay ng libreng software (programa sa computer) na tinatawag na *Know Your Stuff* para magtala ng inyong mga ari-arian sa bahay. Tingnan ang www.ibc.ca upang makakuha ng sarili ninyong kopya.

Maraming klase ng plano sa insurance para sa mga nangungupahan at may-ari ng bahay. Tiyakin ninyong matalakay ang inyong mga pangangailangan kasama ng isang propesyunal sa trabahong ito.

Nasa Pagpaplano ang Lahat: Ang Inyong Emergency Kit

Lahat ay kailangang gumawa ng plano para maging handa kung may emerhensya o disaster. Dapat man lang ay mayroon kayong emergency kit na may sapat na pagkain, tubig at suplay na maaaring tumagal nang 72 oras. Alalahaning maaari ninyong tugunan ang inyong pangangailangan gayundin ang sa inyong pamilya sa panahon ng emerhensya.

Kailangan ninyong isaalang-alang na ang pagkalat sa highway ng mapanganib na kemikal o pagsingaw ng gas ay maaaring magresulta sa biglaang paglikas o pagkabimbin nang ilang oras. Ang isang bagyo sa taglamig ay maaring magkulong sa inyong pamilya sa inyong bahay o gawing imposible ang inyong pag-uwi sa bahay. Ang isang baha, sunog o pagkawala ng kuryente ay maaaring makaputol ng mga batayang serbisyo – gas, tubig, kuryente at telepono. Minsan, sandali lamang ang pagkaabala subalit ang pagiging handa para sa mas matagal na pagtigil ay mahalaga.

Ang pagbubuo ng emergency kit at pagtiyak na alam ng buong pamilya kung nasaan ito ay mahalaga.

Magtabi ng sapat na tubig at pagkaing di masisira para sa inyong pangangailangan nang mga 3 araw. Regular na tingnan ang pagkain at palitan ang tubig taun-taon.

Iba pang dapat isaalang-alang:

- Magkaroon ng mga batayang suplay at kagamitan, first aid at damit
- Isipin ang espesyal na pangangailangan para sa mga sanggol, may gulang at matatanda
- Gumawa ng kopya ng lahat ng inyong mahahalagang dokumento – insurance, papeles ng mga pag-aari at mga reseta ng gamot
- Magtabi ng minimum na isang-linggong suplay ng gamot sa inyong emergency kit

Importanteng dokumento:

-Numero ng account sa bangko, mga testamento, mga insurance policy
-Numero ng credit card at mga kumpanya
-Numero ng Health Card at Social Insurance
-Pasaporte, rekord ng immunization
-Mga rekord pampamilya tulad ng mga sertipiko ng kapanganakan, kasal at kamatayan
-Importanteng mga numero ng telepono
-Lista ng mahahalagang gamit sa bahay
-Larawan ng mga miyembro ng pamilya sakaling magkahiwa-hiwalay kayo
-Magtabi ng kopya ng mga importanteng dokumento ninyo sa isa lalagyang waterproof
-Ekstrang mga susi, kaunting pera, at mga cheque book

Pagkain at tubig:

-Tatlong litro man lang ng tubig sa botelya bawat tao, bawat araw
-De-latang pagkain: sabaw, nilaga, beans, pasta, karne, manok, isda prutas at gulay
-Energy bars at mga pagkaing tuyo
-Honey, peanut butter, nuts, syrup, jam, asin at paminta, asukal, instant na kape at tsaa
-Pagkaing pampaginhawa tulad ng cookies at matigas na kendi
-Pagkain para sa mga sanggol, matatanda o espesyal na mga diyeta

Gamot:
-Gumawa ng kopya ng lahat ng inyong reseta at magtabi ng minimum na isang-linggong suplay ng gamut sa inyong kit

Kung may problema kayo sa pandinig o paningin, may espesyal na mga pangangailangang medikal, nangangailangan ng personal na tagapag-alaga o gumagamit ng espesyal na aparato para sa anumang sakit o kapansanan:

- Maghanda ng isang tao na titingin sa inyong kalagayan
- Magsuot ng MedicAlert bracelet o magdala ng ID card
- Magdala ng personal na alarm na makakatawag pansin sa inyong kalagayan at kinalalagyan
- Lagyan ng pangalan ang inyong gamit at lakipan ng mga tagubilin
- Itabi ang mga gamot, suplay at espesyal na kagamitan sa inyong emergency kit kasama ang impormasyon tungkol sa espesyal na pangangailangan at pagkain

Para makakuha ng napapanahong balita mula sa Lungsod sa panahon ng emerhensya – gamitin ang Emergency Alert and Information e-update service sa Toronto.ca/e-updates. Mananatiling kumpidensyal ang inyong e-mail address. Sundan ang 'TorontoComms' sa Twitter. Sa panahon ng emerhensya, padadalhan ng notisya ang lahat ng gumagamit ng pasilidad na ito.

Para sa dagdag pang impormasyon:

City of Toronto website: toronto.ca
Office of Emergency Management: toronto.ca/oem
Weather Warnings for Canada: weatheroffice.gc.ca/warnings/warnings_e.html

Numero ng Telepono na Non-Emergency
Bumbero: 416-338-9050
Pulis: 416-808-2222
Toronto Hydro Customer Info: 416-542-8000

Mga Dapat gawin at Hindi Dapat gawin sa panahon ng emerhensya
DAPAT patuloy na makinig sa radio at telebisyon.
DAPAT sumunod sa tagubilin ng mga opisyales na nagangasiwa sa panahon ng emerhensya. Halimbawa, kung manawagan ng ebakwasyon, tandaang ang inyong sariling kaligtasan ang pinakamahalaga.
DAPAT tawagan ang pamilya at ipaalam kung saan ka naroroon at kung ikaw ay ok.

DAPAT tumawag ng tulong kung may kagyat na kailangang igalaw o ilipat at hindi ninyo kaya itog gawin.
DAPAT manatili sa loob ng bahay hanggang hindi sinasabi sa inyong lumabas.
DAPAT sikaping matiyak, kailanman possible nang hindi inilalagay ang sarili sa panganib, na ang inyong kalapit na kapitbahay ay ligtas.
DAPAT ilagay nang malapit sa inyo ang inyong cell phone battery charger at mag-recharge kailanman posible.

HINDI DAPAT magbabad sa telepono at makabara sa mga linya. Kailangan ito ng mga opisyales sa emerhensya para magawa ang kanilang trabaho.
HINDI DAPAT lumabas hanggat hindi sinasabi ng mga opisyales na nangangasiwa sa emerhensya. Manatil;I sa loob kung saan may init at mayroon kayong mga suplay.
HINDI DAPAT magtangkang iuwi ang inyong mga anak mula sa paaralan o sa daycare sa panahon ng emerhensya o ebakwasyon. Paaabutan ang mga opisyales ng paaralan tungkol sa emerhensya at gagawa sila ng angkop na mga paraan para sa proteksyon ng mga batang nasa kanilang pangangalaga. Kayo nama'y paaabutan kung kailan kayo pwedeng magsama ng inyong mga anak.

Ilang tip kung mawala ang kuryente

Bagamat aktibong minamantini at pinauunlad ang mga elektrikal na kagamitan ng Toronto Hydro-Electric System Limited, ang pana-panahong mga blackout o pagkawala ng kuryente ay isang di-maiiwasang aspeto ng paghahatid ng kuryente sa Lungsod ng Toronto. Gayunman, may mga hakbang kayong magagawa bago pa man at sa panahon ng blackout para mabawasan ang inyong pagkabahala sa sitwasyong iyon.

Bago mawala ang kuryente:

- Maghanda ng emergency kit na may flashlight, portable radio, relo o orasang de-baterya, mga baterya, posporo, kandila, tubig sa bote at lutong pagkain;
- Tiyaking mayroon kayong cell phone o de-kableng single-line na telepono. Hindi gagana ang mga cordless na telepono nang walang kuryente;
- Itabi sa inyong telepono ang numero ng Toronto Hydro-Electric System Lights Out (416-542-8000) kasama ng listahan ng mga numerong tinatawagan sa panahon ng emerhensya.

Kung wala nang kuryente:

- Makinig sa radio para sa mga balita, subalit kung medyo lumamig ang temperatura sa loob ng bahay, tumuloy sa isang lugar na may heater.
- Huwag bubuksan ang freezer. Kung hindi naman ginagalaw, maaaring manatiling frozen nang dalawang araw ang pagkain. Kung ito'y mapalambot o malusaw na, lutuin bago muling pagyeluhin. Ang pagkain naman sa fridge ay maaaring tumagal ng walang oras, subalit kung kayo'y di makatiyak, itapon niyo na!
- Kung kayo'y gumagamit ng lampara o iba pang aparato sa panahon ng pagkawala ng kuryente, patayin ang mga ito para maiwasan ang pagkasira nito pagbalik ng kuryente. Kasama na rito ang mga kagamitang elektrikal at de-motor.

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa pagkawala ng kuryente, tingnan ang: http://www.torontohydro.com/poweroutage

Iwasan ang mga nagyelo at pumutok na tubo ng tubig

Ang mga buwan ng spring at summer ang pinakamahusay na panahon para inspeksyunin ang inyong tahanan at tiyaking handa na ito para sa susunod na taglamig. Kung may matagal-tagal na blackout, ang temperatura sa inyong mga tahanan ay maaaring bumaba pa sa freezing. Kung may mga tubo ng tubig na malapit sa mga pader sa labas ng bahay, at hindi mahusay ang insulasyon nito, maaaring magyelo o pumutok ang mga ito. Kung alam ninyo ito, ipakumpuni na ninyo bago dumating ang kasunod na taglamig. Kung may matagalang blackout, ang pinakamainam na paraan para hindi magyelo ang mga tubo ay buksan ang gripo sa pinakamataas AT pinakamababang lugar sa inyong tahanan – patakbuhin ang tubig nang mahinang-mahina – mapipigilan nito ang pagyeyelo ng inyong mga tubo.

toronto.ca/fire/prevention/frozen_water_pipes.htm

TANDAAN

Sa panahon ng emerhensya, maaring magbago ang mga bagay-bagay. Ang mga kundisyon sa lugar ng emerhensya ay maaaring magbago sa isang iglap, at ang impormasyong alam ng mga tumutugon sa emerhensya ay maaari ding magbago depende sa mga sirkunstansya ng emerhensya. Nais tumulong ang Lungsod para maging ligtas ang lahat at minsan maaaring mangahulugan ito na wala kayo dapat sa inyong bahay. Ang pasensiya at pang-unawa ng mga residente hanggang sa matiyak na ligtas ang erya ay kinalulugdan.

Ang kaligtasan ay responsibilidad ng lahat.
Sundin ang direksyon ng mga kawani sa emerhensya ng Lungsod ng Toronto.

Maaaring magtagal ang pagbawi mula sa karanasan ng emerhensya. Ang ibang tao'y nangangailangan ng espesyal na tulong para harapin ang kanilang dinanas sa panahon ng emerhensya, at ang iba nama'y maaaring mawala sa kanilang mga bahay sa matagal na panahon habang ito'y inaayos o muling binubuo. Ang punto'y kailangan nating bigyan ng panahon ang pagbawi o pagbangon mula sa epekto ng emerhensya sa mga tao – bihirang madalian ito. Kakailanganin nito ang paglahok ng maraming ahensya na nagkokoordina lahat para matulungan ang mga residente. Ang koordinasyon ng mga pagsisikap sa pagbangon ay mahalaga at gugugol ng oras bago maging lubos na handa at tumatakbo pagkatapos ng emerhensya. Ang pagtutulungan sa isa't isa bilang mabuting magkakapitbahay ay mabuting paraan para mapadali ang proseso ng pagbawi at

pagbangon. Maaaring makipagtulungan ang Lungsod sa isang komunidad at makatulong ito sa pagbabangon sa loob ng isang takdang panahon.

toronto.ca/oem

Magkabit ng mga Smoke Alarms – Ito ang batas!

Karamhan ng mga sunog nakamamatay ay nagaganap sa gabi habang tulog ang mga tao. Kadalasan hindi na nagigising ang mga biktima. Ang isang tumatrabahong smoke alarm ay makakatuklas na usok at magpapatunog ng alarma para alertahan kayo, at bigyan kayo ng napakahalagang panahong makaalpas. Inuutos ng Ontario Fire Code na lahat ng bahay ay magkaroon ng tumatrabahong smoke alarm sa bawat palapag at sa labas ng lahat ng silid-tulugan.

Mga maybahay:
Responsibilidad ng mga maybahay na magkabit at magmantini ng mga smoke alarm sa bawat palapag ng kanilang tahanan at sa labas ng lahat ng erya na tulugan.

Mga kasero:
Responsibilidad ng mga kasero na tiyaking sumusunod sa batas ang kanilang pinauupahang mga lugar.

Mga nangungupahan:
Kung kayo'y nangungupa sa isang lugar na paupahan, at wala sa inyong tirahan ang obligadong bilang ng mga smoke alarm, kagyat na paabutan ang inyong kasero. Labag sa batas na alisan ng baterya o pakialaman ang smoke alarm ng mga nangungupahan sa anumang paraan.

Tandaan

- Magkabit ng smoke alarm sa kisame ng bawat palapag ng inyong tahanan at sa labas ng mga erya ng tulugan.
- Regular na subukan ang inyong smoke alarm sa pamamagitan ng pagpindot sa test button.
- Palitan ang baterya ng bawat smoke alarm minsan man lang sa isang taon.
- Hindi panghabang-panahon ang mga smoke alarm. Pallitan ang mga smoke alarm na nariyan nang mahigit 10 taon.

Habang nagkakabit, sumusubok at nagmamantini ng smoke alarm, tiyaking sinusunod ninyo ang mga tagubilin ng gumawa nito.

toronto.ca/fire/prevention/smoke_alarms.htm

Ang carbon monoxide (CO) ay walang kulay, walang amoy at walang lasa. Karaniwan itong tinatawag na tahimik na mamamatay o silent killer.

Iwasan ang peligro mula sa CO sa inyong tahanan

- Ipasiyasat bawat taon sa isang kwalipikadong heating contractor ang inyong sistema ng furnace at pasingawan o vent, gayun narin ang mga fireplace, tsiminea at lahat ng kasangkapang gumagamit ng pampaningas.
- Lagyan ang inyong tahanan ng isang CO alarm na may simbolo ng 'Blue flame' ng Canadian Standards Association at reference na CSA 6.19-01. Itong pinakahuling pamantayang Canadian ang nagpapaalam sa inyo na ang alarm ay umaayon sa kinikilalang rekisitos para sa kaligtasan.
- Magkabit ng kahit isa man lamang na CO alarm kapantay ng inyong tuhod ang taas mula sahig, malapit sa mga silid-tulugan. Gumamit ng higit sa isang CO alarm kung ang mga eryang tulugan ay nasa iba't ibang palapag ng inyong tahanan.

Para sa pagkabit at pagmantini ng inyong CO alarm, tandaang sumunod sa mga tagubilin ng gumawa nito.

Utos ng alituntunin ng Lungsod ang pagkakaroon ng mga carbon monoxide alarm:
Isa man lang carbon monoxide detector ang dapat na nakakabit sa bawat isa sa mga tinutuluyang yunit:
A. Bawat tinutuluyang yunit na may kasangkapang gumagamit ng pampaningas (isang furnace, fireplace o kalan na gumagamit ng kahoy na panggatong, halimbawa)
B. Para sa isang gusali na maraming nakatira, bawat yunit na nasa isang palapag na may kasangkapang gumagamit ng pampaningas
C. Para sa isang gusali na maraming nakatira, bawat yunit na nasa una at ikalawang palapag ng gusali na nasa ibabaw ng palapag na may kasangkapang gumagamit ng pampaningas.

Kung kayo'y mayroong kasangkapang gumagamit ng pampaningas, esensyal ang mga carbon monoxide detector.

toronto.ca/fire/prevention/carbon.htm

Bagong paraan ng pag-abot sa tao mula sa Employment and Social Services

Tinapos ng Nobyembre 2008 ang isang taon ng maraming gawain para sa Toronto Employment and Social Services. Pinalitan ng dibisyong ito ang kanyang pangalan, naglabas ng isang puno-ng-pagbabagong ulat, naglunsad ng bagong website at aplikasyon sa internet.

Bahagi ang mga pagbabagong ito ng isang panibagong sistema sa paghahatid ng mga serbisyo sa paghahanap ng trabaho at mga panlipunang serbisyo sa Toronto.

"Una sa lahat, pakiramdam naming ang aming pangalan ngayon ay mas mahusay na sumasalamin sa aming ginagawa," ani Heather MacVicar, General Manager ng dating kilalang Toronto Social Services. Malaki ang bahagi ng aming serbisyo sa paghahanap ng trabaho sa pagpapalakas ng kagalingang panlipunan at pang-ekonomya ng mga taga-Toronto sa kanilang mga komunidad."

Isang press conference ang ginanap noong Nobyembre para ianunsyo ang pagpapalit ng pangalan at ilabas ang pinakahuling ulat ng Toronto Employment and Social Services' na pinamagatang *Starting in the Right Place*.

Inilalahad sa ulat ang isang sistema ng paghahatid ng serbisyo na "tumutugon sa pangangailangan ng ga taga-Toronto, nag-aalis ng mga balakid at lumilikha ng mga oportunidad para sa tagumpay," ani Mayor David Miller sa press conference. "Ang *Starting in the Right Place* ay tungkol sa paghahain sa mga residente ng ilang mga paraang maabot ang isang sistemang nakasentro sa mga tao o kliyente at sa komunidad – isang sistema na aktibo ring nakikipag-ugnayan sa mga employer."

Makikita ang ulat na ito sa bagong disenyong website ng Toronto Employment and Social Services' (toronto.ca/socialservices). Ang website ay pinaunlad batay sa konsultasyon sa mga gumagamit ng serbisyo at mga ahensya sa komunidad, at binibigyang-daan para sa mga taga-Toronto ang mabilis at madaling pag-abot sa impormasyon tungkol sa maraming programa at serbisyong inaalok. Sa pagtingin sa site kadalasan malalaman ng mga taga-Toronto ang tungkol sa mga parating na career fairs at workshop. Itinuturo rin ng website ang iba pang mapagkukunan ng impormasyon at nagbibigay mismo ng impormasyon tungkol sa paghahanap ng trabaho sa internet. Maaari ding makinabang ang mga employer sa website – maaari silang makakuha rito ng tulong sa kanilang pangangailangan ng mga manggagawa.

Inihahain din ng website ang kauna-unahang sistema ng Canada sa internet na humaharap sa lahat ng aspeto ng social assistance. Sa pamamagitan ng WAYS (Web Access to Your Services), madaling matatantya ng mga gumagamit nito kung sila'y kwalipikadong tumanggap ng social assistance at makakapag-aplay sa internet.

"Tuwang-tuwa kami sa direksyon na tinatahak namin," ani Ms. MacVicar. "Tinitiyak naming nakakatulong sa pagtatatag ng isang mas malakas na Toronto ang mga suportang ibinibigay naming sa paghahanap ng trabaho, sa pinansya at sa lipunan."

toronto.ca/socialservices

Toronto: Noon at ngayon

Yonge Street patungong timog sa York Mills

Dadalawang daanan lang ang lapad ng Yonge Street noong isang pamayanan pa lamang ang North York noong taong 1936. May pinatatakbong streetcar ang TTC hanggang sa dakong kanluran ng Yonge Street. Pinahaba ang subway hanggang sa York Mills noong 1973. Sa dakong silangan ng Yonge, patuloy na bumabati at bukas na tumatanggap ng iba't ibang salinlahi ng mga taga-Toronto ang Jolly Miller Hotel (na naging tavern).

toronto.ca/archives

Pagwawakas sa kawalang tirahan sa Toronto, pa-isa-isang tao matutupad

Streets to Homes, ang nagwagi-ng-gantimpalang programa na gawa sa Toronto, ay nakatulong na sa mahigit 2,200 taong walang-bahay na makakita ng permanenteng tirahan mula nang magsimula ito noong maagang bahagi ng 2005. Salamat sa regular na pagbisita ng mga tagapagsubaybay na nagbigay ng mahalagang suporta, mahigit 91 porsyento ng tinulungan ay may bahay pa rin.

Ang sabi ng mga kliyente ay nabago ang kanilang mga buhay nang sila'y magkaroon ng bahay: mas maganda ang kanilang pakiramdam at mukhang mas maaliwalas ang bukas. Iniuulat din nilang nabawasan ang pag-inom ng alak at paggamit ng iba pang droga. Ang sabi ni James, isang kliyente ng Streets to Homes na lumipat sa kanyang apartment tatlong taon nang nakaraan matapos ang palabuy-laboy sa kalye nang siyam na taon: "Pagkakaroon ng tirahan ang siyang dahilan kung bakit hindi na ako gumagamit ng 'crack'. Ito ang dahilan kung bakit ako'y umuusad na patungo sa mas mabuting pamumuhay." Si Anthony, na walang bahay at anim na taong nakatira sa bangin matapos magkasakit ng schizophrenia ay lumihis mula sa isang "normal" na buhay ng pangungupahan sa mga apartment, pamimili ng kotse at pag-aaral sa Ryerson. Pagkalipat sa bagong apartment, ang sabi niya'y: "Ngayon ko pa lang nakikita kung gaano ka-brutal ang pamumuhay ko noon. Kahit doon sa labas noon, mayroon akong malaking ambisyon at malalaking mga plano. Ngayon batid ko na kahit puno ang iskedyul ko, wala itong kahihinatnan. Ang iskedyul na ito'y kailangan ng pundasyon. Isang lugar na matitirhan . . . . . .

Bitbit ang apat na taong karanasan sa lansangan, malamang na ang mga kagawad ng Streets to Homes ay nakaugnay na ang halos lahat ng taong walang tirahan na maaari ninyong makita sa isang buong araw. Mula noong nakaraang tag-init, naghahatid na ng sebisyo ang mga kagawad nito sa lahat ng taong lansangan, hindi lamang sa mga natutulog sa kalye, at sa mga parke't bangin. Ang mga front-line workers, kasama na ang mga nakikipag-ugnayan sa kalye at mga tagapayo, ay nadagdagan na ngayon ang oras sa pagtatrabaho (kasama ang 24-oras na pakikipag-ugnayan sa lansangan sa panahon ng taglamig at tag-init, at makilos na serbisyo sa lahat ng erya ng lungsod).

"Ang mga ito (mga walang matirhan), ang pinakabulnerableng mga tao sa ating lungsod" ani Phil Brown, General Manager ng Shelter, Support at Housing Administration, ang City Division na may responsibilidad sa pabahay ng gubyerno gayundin sa mga pang-emerhensyang tuluyan at iba pang serbisyo para sa mga taong walang matirhan.

toronto.ca/housing

(sidebar)

Noong Abril 15, ang mga boluntaryong taga-Toronto ay kumilos para wakasan ang kawalang tirahan

Mahigit 1,000 boluntaryo ang pumalansangan at tumungo sa mga pang-emerhansyang tuluyan noong gabi ng Abril 15 para gawin ang ikalawang Street Needs Assessment, isang 10-tanong na pagsisiyasat sa hanay ng mga walang matirhan na makakapagpahusay sa mga serbisyong pinopondohan at inihahatid ng Lungsod sa bulnerableng grupong ito. "Ako'y namangha sa dami at representasyon ng populasyon ng mga taga-Toronto na naglaan ng isang gabi para dito," sabi ng isang boluntaryo. "Bata, matanda; kababaihan, kalalakihan; bulnerable, buo ang loob. Lahat ng taong nagmamalasakit." Nang mag-boluntaryo siya noong Marso, nagsulat ang isang tao tungkol sa kanyang mga kasamahan sa pahina ng Street Needs Assessment sa Facebook: "isang pambihirang grupo ng mga taong kalat sa buong lungsod…na may malalaking puso na walang-pagod sa pakikinig sa mga hinaing at pangangailangan ng mga walang matirhan. Ang galing-galing naman Toronto! Iuulat ang mga resulta ng pagsisiyasat sa darating na ilang buwan.

Lumalago ang Programang Blue Bin
Bagong mga bagay na maaaring itapon dito!

Kasama na ngayon sa Programang Blue Bin ang mga maliit at malaking plastic bag na pang-grocery at mga pambalot na foam polystyrene.

Ang mga maliit at malaking plastic bag na pang-grocery na walang tali, metal o matigas na plastic na hawakan ay maaari nang itapon sa inyong Blue Bin. Alisin ang mga resibo sa mga plastic bag at ilagay ang mga plastic bag sa iisang bag na nakatali ang mga hawakan. Hindi kasama ang mga sumusunod na bag sa programa: bag ng dry cleaning, ng gatas (panloob at panlabas), ng gulay at prutas, tinapay, at pambalot ng sandwich at pagkain.

Kasama sa pambalot/pampakete na foam polystyrene ang pamproteksyon sa mga pakete, lalagyan ng karne, pagkaing take-out, plato, karton ng itlog at tasa ng kape. Lahat ng tira/latak na pagkain ay dapat alisin. Ang mga lalagyan o pakete ng chips (hal. mani), at lalagyang gawa sa puro at solidong polystyrene – mga matigas at hinugis na plastic katulad ng plato, baso, kubyertos, lalagyan ng manok, karton ng itlog, lalagyan ng mga pagkain/prutas, CD at DVD ay hindi tinatanggap sa Programang Blue Bin sa kasalukuyan.

toronto.ca/garbage

Bagong mga Istruktura at Muwebles na Pangkalye - makikita sa mga kalye ng Toronto

Ang Lungsod ng Toronto ay naghahatid ng bagong yugto sa pagpapaganda ng lungsod sa pamamagitan ng koordinadong programa ng Lungsod para sa mga pangkalyeng istruktura at muwebles.

Kasama sa mga muwebles na pangkalye ang mga silungan sa paghihintay ng sasakyan, mga sisidlan ng kalat/materyales para sa recycling, mga bangkô, mga gloryetang pang-impormasyon, mga istruktura para paglagyan ng mga dyaryo at iba't ibang publikasyon, mga palikurang publiko at paradahan ng mga bisikleta. Mababawasan ng magkakaparis na muwebles na pangkalye ang kalat sa paningin at mababago ang itsura at pakiramdam ng kapaligiran ng Toronto.

Sinimulan ito noong Hunyo 2008 sa matagumpay na pagtatayo ng mahigit sa 274 na bagong silungan sa paghihintay ng sasakyan. Bagong mga bangkô, mga lalagyan ng poster at basurahan ang kasalukuyang ipinipwesto. Ang muwebles ay de-kalidad kapwa sa disenyo at materyal. At sa kauna-unahang pagkakataon, magkakaroon ang Toronto ng mga elemento ng muwebles na pangkalye na idinisenyong magkatugma. Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga alituntunin ng "Vibrant Streets", ang mga muwebles ay inilalagay sa mga bangketa at maluluwag na lansangan sa paraang kinikilala ang pangangailangan ng mga taong naglalakad at lahat ng tipo ng taong gagamit nito.

Ibinigay sa Astral Media Inc. ang kontrata para itayo at mantinihin ang mga kagamitan. Sa susunod na 20 taon, inaasahan na halos 26,000 na tipo ng muwebles na pangkalye ang mailalagay sa panahon ng programang ito. Bago ibinigay ang kontratang ito, naglunsad ang Lungsod ng isang mawalakang proseso ng konsultasyon (kasama ang mga eksperto sa pagdidisenyo, mga potensyal na bidder, mga tagapagtaguyod ng ispasyo at kakayanang makaabot o accessibility para sa publiko) kung saan isinaad ng publiko na disenyo at pakinabang ang pinakamahalaga sa pagpapaunlad ng programa.

toronto.ca/streetfurniture

Mga apartment at condominium – pagbabawas ng basura

Ang Toronto ay may mahigit-kumulang 4,500 gusaling para sa maraming naninirahan na may mahigit 500,000 tirahan. Kalahati ito ng mga sambahayan sa syudad ngunit 13 porsyento lamang ng kanilang basura ang nire-recycle. Upang maabot ang 70 porsyento ng ating layunin sa pagbabawas ng basura, kailangan maging bahagi ng Green Bin Program ang mga taong nakatira sa mga apartment at condominium; pagdating ng taong 2011, ito ay matutupad na.

Ang pagpapalaganap ng Lungsod ng mga Green Bin, maisasali sa programa ang 300 gusali bawat buwan sa susunod ng 18 buwan. Sa pamamagitan ng mga may-ari ng mga gusali, bibigyan ng Lungsod ang bawat yunit ng paketeng may impormasyon tungkol sa Green Bin at ng kitchen compost container, katulad ng natatanggap ng mga nag-iisang pamamahay (single household).

Upang tulungan ang mga naninirahan na dagdagan ang pagre-recycle sa mga Blue Bin, naghahandog ang Lungsod sa mga may-ari ng gusali ng mga bagong lalagyang pang-recycle para sa loob ng mga yunit upang ipamigay sa mga naninirahan. Ang mga may-ari ay maaaring pumili ng isa sa dalawang uri ng lalagyang pang-recycle: isang bag, o isang kaban. Ang mga bagong lalagayang pang-recycle na ito ay ihahatid sa mga gusali sa loob ng susunod na 12 buwan.

Ang mga kawani ng Lungsod ay nakikipagtulungan sa mga may-ari at nangangasiwa ng mga gusali upang makapagtatag ng sistema sa pangongolekta ng basura na gagana sa kanilang mga gusali para sa parehong programang Green Bin at Blue Bin. Ang ilang mga bagong gusali ay may mga chute na nagbubukud-bukod sa basura, ngunit sa karamihan mga gusali kailangan ng mga naninirahang dalhin ang kanilang mga basurang pang-recycle at pang-compost sa isang sentral na lugar. Nagbibigay ang Lungsod ng impormasyon sa iba't ibang anyo sa maraming wika upang tulungan ang mga may-ari ng mga gusali na magbigay-alam sa mga naninirahan tungkol sa mga programang ito.

toronto.ca/garbage

Aksyon ng Toronto sa pagbawas sa pagbabalot (packaging)

Noong ika-2 ng Disyembre 2008, bumoto ang Toronto Lungsod Council na bawasan ang materyales na ginagamit sa balutan ng mga produkto sa mga tindahan at siguraduhing ang mga materyales na ginagamit dito ay maaaring i-recycle sa Blue Bin Program ng Lungsod.

Simula ika-1 ng Hunyo 2009, dapat nang singilin ng mga tindahan ang mga mamimili ng limang sentimo para sa bawat plastik na bayong. Maaaring magbigay ng libreng alternatiba (hal., isang kahon) ang mga tindahan sa mga mamimili. Ang ilang grocery, tulad ng Food Basics, No Frills at Price Chopper, ay gumagamit ng fee-per-use charge. Ang singil na ito sa loob ng mahabang panahon ay nagresulta ng malaking pagbaba sa bilang ng mga plastik na bayong na ipinamimigay sa mga tindahang ito. Ang singil na limang sentimo para sa bawat bayong ay hindi ibinibigay sa Lungsod of Toronto.

Ayon kay Nick Jennery, presidente at CEO ng Canadian Council of Grocery Distributors, hindi bubulsahin ng mga malalaking groseri ang pera. "Anumang perang makolekta ay muling ibabalik sa negosyo, tulad ng sa paggawa ng mga bagong bayong para sa mga produkto," sabi niya. "Hindi namin gawaing mangolekta ng pondo. Ang gawain namin ay ang pagbabago sa gawi ng mga mamimili at alam naming gumagana ang gamit na ito."

Ang lahat ng mga bayong para sa bilihin ay dapat makabagay sa sistemang pang-recycle ng Lungsod pagdating ng ika-1 ng Hunyo 2010 at sinabi ng industriya sa groseri na babawasan nito nng 70 porsyento ang paggamit ng mga plastik na bayong pagdating ng 2012.

Ang mga plastik na lalagyan ng pagkaing pang-*take-out* na hindi makabagay sa Blue Bin Program ng Lungsod ay ipagbabawal simula sa ika-28 ng Pebrero 2011.

Nakikipagpulong din ang mga kawani ng Lungsod sa mga stakeholder sa industriya upang saliksikin ang mga posibleng paraan sa paggawa ng mga tasa ng maiinit na inumin at mga takip nito na makababagay sa Blue Bin Program sa Toronto, at ang mga ulat ay pakikinggan ng Public Works & Infrastructure Committee ng Lungsod sa Hunyo 2009.

toronto.ca/garbage/packaging_reduction.htm

Mas mabubuting tirahan: Makasaysayang pamumuhunan ng Toronto sa pampublikong pabahay

Ang Toronto ay tapat sa pagtitiyak na ang lahat ng tao ay may ligtas at maayos na tahanan. Sinusuportahan ng Lungsod ang layuning ito sa 2008-2009 sa pamamaigtan ng pamumuhunan ng $75 milyon mula sa pagbebenta ng Toronto Hydro Telecom para sa pagpapaayos ng mga yunit ng pampublikong pabahay sa Toronto Community Housing. Ito ang pinakamalaking puhunan sa pagpapaayos ng pampublikong pabahay sa kasaysayan ng Lungsod.

Kasama ng $36.5 milyong pondo mula sa gubyerno ng Ontario, pahihintulutan ng pondong ito na ayusin ng Toronto Community Housing ang libu-libong yunit ng pabahay upang gawin ang mga itong mas maayos na tirahan para sa mga mangungupahan. Ang pokus ay sa mga kusina at kubeta, na siyang pinakanangangailangan ng pagpapaayos.

Naumpisahan na ang trabaho dito. Noong 2008, 2,598 kusina at 2,042 kubeta sa 3,500 yunit ang pinalitan. Ngayong 2009, may dagdag na 2,500 kusina at 1,500 kubeta sa 3,200 yunit ang aayusin.

Sinusuportahan din ng gawaing ito ang mga pagsisikap ng Lungsod para sa kapaligiran/kalikasan. Hangga't maaari, ang mga pag-aayos ng kusina at kubeta ay gagamit ng mga produktong di-nakasasama sa kalikasan tulad ng mga produktong kahoy na gawa sa Ontario at inaprubahan ng FSC, mga kagamitang Energy Star, ilaw na matipid sa kuryente, ni-recycle na pintura, mga ceramic na baldosang *recyclable*, low-formaldehyde countertops, at mga kasilyas, gripo at dutsang matipid sa tubig.

Pahihintulutan din ng pondo ang Toronto Community Housing na lagyan ang 10 gusali ng bago at matipid na sistema sa kuryente at tubig. Pahuhusayin nito ang pangmatagalang buhay ng mga gusali, susi sa pagpapahusay ng kalidad ng pamumuhay para sa mga nangungupahan. Babawasan din ng mga pagbabagong ito ang paggamit ng tubig at kuryente at tutulungan ang pagbabawas ng mga nakapipinsalang *greenhouse gas emissions* na nag-aambag sa pagbabago ng klima.

Ang mga pamumuhunan sa pagpapaayos ng mga bahay ay may mahalagang benepisyo sa paglikha ng direkta at di-direktang trabaho para sa ekonomya ng Toronto. Ang pangmaramihang epekto ng mga pampasigla sa ekonomya tulad nito ay higit pa sa anumang uri ng pamumuhunan sa imprastruktura, at ang

epekto nito ay matutulungan pa ng karagdagang pamumuhunan mula sa ibang antas ng gubyerno.

torontohousing.ca/investing_buildings/building_improvements

Ipinalalaganap ng pondong Live Green ang mensaheng "live green"

Ang pondo para sa Live Green Toronto, na tumutulong sa mga grupong magkakapitbahay at grupong pangkomunidad na kumilos para harapin ang pagbabago sa klima (climate change), ay nadagdagan at umaabot na sa $2.2 milyon ngayong taon. Ang pondo ay sumusuporta sa inisyatibang mula sa mga lokal na komunidad na gumagawa ng hakbang para bawasan ang inilalabas o sumisingaw na gas, usok atbp. na nakakaapekto sa klima; ito'y mahalagang sangkap ng programang Live Green Toronto. Noong 2008, 14 na grupo sa komunidad ang ginantimpalaan ng halos $700,000 para sa mga proyektong magpapalakas sa paggamit ng enerhiyang mula sa likas na pinaggalingan nito (hal., araw, ulan, atbp), mga tahanang may bubong na protektado ng pananim (green roofs), atbp.

Isang tumanggap ng gantimpala mula 2008 ay Greenest City. Ang kanilang proyektong "From the Ground Up" ay nag-aalok sa mga residente ng Parkdale ng kapasidad, suporta at ispasyo na kailangan para makagawa ng pagkain mula sa lokal na pananim. Ang inisyatibang ito ay makakabawas sa paglabas o pagsingaw ng gas mula sa mga greenhouse, at lilikha ng mga trabahong "urban farmer" para sa 12 kabataang nanganganib ang kalagayan.

Isa pang proyekto - "Cycling – From Back Home to our New Home," ang magtataguyod ng pagbibisikleta at magpapayaman sa pagpapatuloy ng mga kaugaliang gumamit ng sistema ng transportayon na magiging sustenable, para sa mga bagong dating habang sila'y pumapaloob at nakikibagay sa lipunang Canadian.

Ang Live Green Toronto ay nag-aalok din sa mga residente ng website na may impormasyon at mga diskwento para makatulong sa kanilang mamuhay nang may malasakit sa kapaligiran, at nagbibigay ng ekspertong payo na tumutulong sa mga grupo sa pamayanan at komunidad para makapag-organisa at sama-samang kumilos.

Ang mga grupong may ideya tungkol sa mga proyektong makapagpapayaman sa kakayanan ng Toronto na mabuhay nang may malasakit sa kapaligiran ay hinihikayat na umaplay para sa pondong Live Green Toronto. Ang unang siklo ng aplikasyon para sa 2009 ay nagsimula sa Pebrero 2, at ang ikalawa'y magsisimula sa July 3.

livegreentoronto.ca

Mga aklatan: magandang pag-umpisahan ang paghahanap ng trabaho
Libreng Internet; libreng impormasyon; libreng kadalubhasaan

Nang dumating ang 33-taong-gulang na si Terry sa Toronto noong nakaraang tagsibol mula sa kanyang tahanan sa Ukraine, ilang linggo pa lamang ay nawalan na siya ng tahanan. Ngunit, ayon sa sinabi niya noong Oktubre, "hindi ko inisip na mawalan ng tirahan sa loob ng mahabang panahon."

Ginamit ni Terry ang Toronto Reference Library bilang basehan sa pananaliksik ng impormasyong kailangan niya upang simulan ang kanyang negosyo sa Internet na ngayon ay maunlad na; sa partikular, ginamit ni Terry ang libreng Internet na nasa 99 sangay ng Toronto Public Library.

Ngunit ang libreng Internet ay unang hakbang lamang pagdating sa mga rekurso para sa trabaho na nasa aklatan.

"Nagbibigay ang aklatan ng mga libreng workshop sa pagsusulat ng *résumé*, paghahanap ng trabaho sa Internet, at accreditation para sa mga bagong dating, at iba pang usapin," ayon sa tagapangasiwa ng aklatan na si Greg Kelner. "Mayroon din kaming mga aklat na sumasaklaw sa maraming usapin, at maraming rekursong sa Web."

Kabilang sa mga rekurso sa Web ng aklatan ay ang Career Bookmarks, isang libreng mapagkukunan ng impormasyon para sa paghahanap ng karera (career) at trabaho. Nagbibigay ang Career Bookmarks ng mga kasangkapan, listahan, artikulo at marami pang iba para sa mga naghahanap ng trabaho at nagsisiyasat ng mga karera sa lahat ng antas. Ang website ay nakaayos sa anim na usapin - - Mga Estratehiya, Pagtatasa ng Sarili, Mga Mapagpipiliang Karera, Paglalako sa Sarili (market yourself), Mga Trabaho, at Tagumpay sa Trabaho – madali itong gamitin at nagtatampok ng impormasyon para sa lahat ng aspeto ng pagpapaunlad ng karera.

"Maraming maiaalay ang aklatan upang matulungan ang mga tao sa mga pangangailangang may kinalaman sa trabaho," ayon sa tagapangasiwa ng aklatan na si Phyllis Jacklin. "Ang mga bagong dating sa Canada, halimbawa, ay maaaring makipagtagpo ng 30 minuto sa mga kawani ng Toronto Reference o North York Central library upang magsaliksik tungkol sa mga usapin tulad ng paghahanap ng trabaho o accreditation."

torontopubliclibrary.ca
416-393-7131

Mas maraming gagawing inspeksyon ng mga apartment

Lumakad ang Building Audit Team noong ika-1 ng Disyembre 2008 para lalong palakasin ang pagpapatupad ng mga alituntuning itinakda para sa gusali ng apartment na sira-sira na. Tinitiyak ng grupong ito na ang mga gusali ay inaalagaan nang mabuti at nananatiling ligtas at matitirhan ng mga residente sa pangmatagalan ang mga pabahay sa Toronto. Binuo ang programa para tuluyang ma-inspeksyon ang lahat ng mga gusaling tirahan sa paglaon.

Ang grupong tagapagpatupad ay may 15 miyembro. Sila'y magsusuri o mag-oodit at maglalabas ng kautusan laban sa 176 gusali sa unang taon. Sa bawat purok, dalawang gusali ang pipiliin batay sa konsultasyon sa Konsehal ng lugar at dalawa pa batay sa kaalaman at karanasan ng mga kagawad. Kasama sa mga odit ang mga gusali na pribado ang may-ari gayundin ang mga pag-aari ng gubyerno.

Pokus ng mga mga odit ang mga karaniwang erya: mga garaheng paradahan, balkonahe, kapaligiran sa labas ng gusali, sistema ng kuryente, mainit na tubig at pampainit. Ilang di piling yunit sa gusali ay iinspeksyunin din nang may pahintulot mula sa mga nakatira dito.

Binibigyang pasubali ang mga residente bago dumating ang grupo sa kanilang gusali. Nagtatayo ang grupo ng upisinang makilos sa lugar mismo para maidulog ng mga residente ang anumang problema nilang patuloy na hindi hinaharap ng mga kasero nila.

Tingnan ang website ng Lungsod para malaman kung ang inyong gusali ay mao-odit, o para makita ang resulta ng mga inspeksyon. Kung ang inyong gusali ay hindi kagyat na bahagi ng programang ito, maaari pa rin inyong kontakin ang pandistritong upisina ng Municipal Licensing and Standards tungkol sa mga problemang kailanma'y di hinarap ng may-ari ng gusali.
owner.

buildingauditteam@toronto.ca
toronto.ca/licensing/mrab.htm
416-396-7228

Impormasyon sa kamay ng mga pasahero ng TTC

Sa mga pagbabagong ginagawa ngayong 2009 – karagdagang mga bus, mga ruta, pagbabawas sa oras ng paghihintay – ang Toronto Transit Commission ay handa nang mas pabutihin ang karanasan ng mga pasahero sa paggamit ng TTC sa taong ito.

Ang mga kostumer ng TTC na gumagamit ng Internet, Blackberry, PDA, o cell phone, ay maaaring makakuha ng mahalaga at napapanahong impormasyon mula sa TTC tungkol sa mga pagkaantala ng serbisyo, pansamantalang pag-iiba ng mga ruta at impormasyon tungkol sa oras ng pagdating ng kasunod na bus, trambya (*streetcar*) o tren ng *subway*. Dagdag pa rito ang *trip planning*, isang bagong katangian sa internet. Bibigyan nito ng pagkakataon ang sinumang nakakagamit ng Internet na planuhin ang kanilang biyahe sa TTC mula sa isang lugar patungo sa isa pa, at sukatin ang tagal ng biyahe.

Habang nananatiling pokus ng TTC ang pagtitiyak ng ligtas at maaasahang serbisyo para sa mahigit-kumulang 1.6 milyong pasahero, kinikilala rin nito na nais ng mga pasahero na mas makipagtulungan sa TTC. Ang impormasyon tungkol sa oras ng pagdating ng kasunod na bus o trambya – na maibibigay sa pamamagitan ng GPS sa lahat ng mga sasakyang pangkalsada – ay lubos na makapagpapabuti ng karanasan ng mga pasahero ng TTC. Halimbawa, bago umalis ng bahay, maaaring magbukas ng Internet ang isang kostumer ng TTC at makita ang kasalukuyang kinaroroonan ng kasunod na sasakyang darating.

Noong nakaraang taglagas, inilunsad ng TTC ang isang panimulang proyekto sa istasyon sa Dundas na nagpapakita kung kailan darating ang kasunod na tren. Sa pamamagitan ng mga video screen sa mga plataporma ng *subway*, naipapakita ang mahalagang impormasyon sa mga pasahero, lalo na kung may di-inaasahang pagkaantala sa sistema. Ngayong 2009, kakabitan ng mga video screen ang buong sistema ng *subway*, na magbibigay ng impormasyon tungkol sa pagdating ng tren sa bawat plataporma.

Sa loob ng buong 2009, ang mga entresuwelo (*mezzanine*) ng subway, mga plataporma ng bus at hintuan ng trambya sa buong eryang nasasaklawan ng TTC ay kakabitan ng mga karatulang may impormasyon tungkol sa pagdating ng kasunod na sasakyan. Ang mga karatulang LCD at LED ay magbibigay ng kagyat na impormasyon tungkol sa kasunod na sasakyang darating. Maari na ring gamitin ng mga kostumer ang SMS at *text messaging* upang kumuha ng impormasyon tungkol sa kasunod na sakyang darating sa lahat ng pangkalsadang ruta ng TTC. Kabilang sa pinakahuling bahagi ng proyekto ay

ang mga natatanging pangkilala sa bawat hintuan ng sasakyan upang makakuha ang mga kostumer ng partikular na impormasyon tungkol sa mga ito sa pamamagitan ng teknolohiyang *wireless* (Internet at/o SMS *text messaging*).

Nong nakaraang Agosto, inilunsad ng TTC ang bago nitong website, na muling idinisenyo upang maging mas madaling maabot at gamitin. Inumpisahan ang mga pagbabago sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga notisya tungkol sa mga pagkaputol ng serbisyo noong Nobyembre 2007. Habang patuloy na dinadagdagan ang mga laman ng website, nakahanda na ito para sa mga darating pang katangian, tulad ng *self-serve trip planning* at pagbili ng *pass* gamit ang debit o kredit kard. Ngayong taon, maaari nang mag-subskribi ang mga kostumer sa mga abiso sa e-mail tungkol sa mga pagkaantala ng serbisyo, pag-iiba ng ruta o mga espesyal na pangyayari. Kapag kayo ay nag-subskribi gamit ang inyong e-mail, awtomationg padadalhan kayo ng mga mensahe tuwing may pagkaantala sa serbisyo – planado o di-inaasahan. Ang mga espesyal na pangyayari, tulad ng Nuit Blanche, ay kadalasang nangangahulugan ng karagdagan serbisyo ng TTC para sa mga taga-Toronto. Sa pamamagitan ng mga paabiso sa e-mail, maipapaalam sa mga kostumer ang mga darating na serbisyong espesyal.

Isa sa mga pinakahihintay na katangiang isinasaayos ay ang *web-based trip planning application*. Nakatakdang umpisahan ngayong tag-init, bibigyan nito ang mga gumagamit ng TTC ng isang paraan upang maiplano ang kanilang mga biyahe gamit ang impormasyon tungkol sa mga ruta, mga oras ng mga biyahe at layo ng lalakarin. Ito ay maaaring gamitin 24 oras, 7 araw sa isang linggo.

Ang pampublikong transportasyon sa Toronto ang siyang sinulid na nagtatahi sa syudad. Sa paggamit ng teknolohiya upang panatilihing maalam ang mga kostumer nito, natutulungan ang TTC na gawing mas maayos ang karanasan ng mga kostumer nito.

ttc.ca

Mga *high-tech* na metro ng tubig sa Toronto

Ngayong taon, magsisimula ang Lungsod of Toronto na magkabit ng awtomatikong sistema para sa pagbabasa ng mga metro ng tubig sa buong syudad. Ang mga bagong metro ay direktang magpapadala ng mga sukat ng metro sa mga yunit para sa pangongolekta ng datos sa buong syudad, na siya namang ipapadala sa sentral ng database. Halos luma na ang karamihan ng mga metro ng tubig sa syudad. Ang bagong programang ito ay makakapagbigay ng pagkakataon sa Lungsod na palitan ang mga lumang metro ng mas mahusay at makabagong teknolohiya.

May mga ilang benepisyo sa pagamit ng awtomatikong sistema sa pagbabasa ng metro. Makatutulong ito sa pagsisikap ng Lungsod magtipid ng tubig, dahil mas mamumulat ang mga naninirahan sa dami ng tubig na kanilang ginagamit. Bibigyan ng bagong sistema ang mga tao ng karampatang serbisyo, kung saan pareho ang paraan ng paniningil sa kanila. Bibigyang-pagkakataon din ng mga bagong metro ang Lungsod na tuklasin ang kawalan ng tubig sa sistema, tulad ng mga tumutulong daluyan, sirang tubo at mga bukas na hydrant, na magreresulta sa mas mabilis na pagtugon sa mga ito. At sa wakas, sa mga bagong metro hindi na kakailanganing pumunta ng mga kawani ng Lungsod sa mga tahanan upang basahin ang mga metro.

Ang inuutos na programang ito ay sisimulan nang sunud-sunod sa mga distrito, simula sa mga naninirahang nasa sistemang flat-rate. Inaasahang aabot ng anim na taon bago makumpleto ang pagpapalit ng 465,000 metro sa buong syudad. Kumikilos ang Toronto Water upang maghatid ng isa sa mga pinakamalaking proyektong isinagawa ng Lungsod. Maaaring makakuha ng dagdag na impormasyon sa website ng Lungsod sa mga darating na buwan.

toronto.ca/water

Ireserba ang inyong *Summer WaterSaver Visit* ngayon!
Maaari nang mag-rehistro para sa Summer Water Saver Visits ngayon. Alamin kung paano babawasan ang paggamit ng tubig sa labas upang makatipid ng pera. Ang mga naninirahan ay maaaring makakuha ng LIBRENG pagtatasa ng katayuan ng kanilang damuhan at hardin ng isang tagapayo o eksperto sa mga tanawin (landscape advisor). Ang mga dalaw ay gaganapin mula sa Mayo hanggang Agosto at mabilis nang napupunan ang mga oras at araw ng dalaw.

savewater@toronto.ca

Anong mayroon sa isang numero?

411, 911, 211, and soon 311. Anong kaibahan ng lahat ng numerong ito sa isa't isa? Pamilyar ang karamihan sa 411 at 911 – tumawag sa 41l para sa tulojng sa paghahanap ng isang numero at 911 para sa emerhensya.

Subalit alam ba inyong ang 911 ay makukuha sa kahit anong wika? Totoo - lahat ng miyembro ng sari-saring komunidad ng Toronto ay makakaabot sa makakaligtas-ng-buhay-na-mga serbisyong pang-emerhensya ng 911 sa mahigit 150 wika, nang walang bayad. May mga emergency dispatcher na kagyatang nakakaugnay sa mga tagapagpaliwanag o tagapagsalin na nakakatulong sa mga tawag 24 sa isang araw. Sinanay ang mga dispatcher sa paraan ng pagtuklas kung anong wika ang binibigkas at sa ilang sandali ay nakakakuha ng tagapagpaliwanag na nasa linya agad. Sinumang nangangailangan ng tulong sa kagipitan sa anumang wika ay hindi dapat mag-atubiling tumawag sa 911 para sa tulong.

211 ang inyong kuneksyon sa komunidad. Ito ang numerong dapat tawagan para sa libreng impormasyon tungkol sa mga serbisyong pangkomunidad, panlipunan, pangkalusugan at iba pang kaugnay ng mga ito. Ikinokonekta kayo ng 211 sa isang information specialist na makakapagbigay ng impormasyon at referral 24 oras sa isang araw. Halimbawa maaari kayong tumawag sa 211 kung kayo'y baguhan sa Canada at naghahanap ng pagsasanay para sa trabaho o kung kayo'y nababahala tungkol sa isang miyembro ng pamilya na may problema sa addiction at kailangan ninyo ng impormasyon tungkol sa mga programang mapapakinabangan.

Maaari ninyong tawagan ang 211 kung nawala ninyo ang inyong wallet at hindi ninyo alam kung saan pupunta para palitan ang inyong ID, o kung naghahanap kayo ng payo sa pag-aasawa, o kung kailangan ninyong malaman kung saan makikita ang pinakamalapit na klinikang bukas pagkatapos ng oras ng trabaho.

311 – Toronto at your service – parating sa Hunyo

Sa Hunyo 2009, makakatawag ang mga taga-Toronto sa 311 para makakuha ng impormasyon at linya sa mga di-pangkagipitang serbisyo ng pamahalaang Lungsod, 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Mabilis at madaling maiuulat ng mga tumatawag ang lokasyon ng butas sa kalye, di-nakolektang basura, o maaari din nilang malaman ang oras kung kalian bukas ang ice rink na pinakamalapit sa bahay nila. Lahat ng impormasyon tungkol sa anuman o lahat ng serbisyo ng Lungsod ay makukuha sa pamamagitan ng 311. Kadalasan,

masusubaybayan ng mga tumatawag ang takbo ng kanilang mga paghiling sa serbisyo. Magkakaroon din sila ng tulong sa anumang wika.

Bawat isa sa mga numerong ito – 411, 911, 211 at susunod na ang 311– ay naghahain ng iba't ibang serbisyo sa mga residente ng Lungsod. Tiyaking tamang numero ang inyong tinawagan para maabot ang serbisyong inyong kailangan.

Pagtugon sa espesyal na pangangailangan ng matatanda sa Toronto

Ang Lungsod ng Toronto ay tapat sa pagbibigay sa mga matatanda ng mga serbisyo at programa na makatutugon sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan. Kumokonsulta ang Lungsod sa mga matatanda, oganisasyon ng matatanda, kasosyo at iba pang bahagi ng gubyerno para tiyaking ang mga serbisyong ito'y madaling makukuha at maabot.

Sumusunod ang ilan sa madalas na tanong ng matatanda sa Lungsod:

Paano kong malalaman ang tungkol sa mga serbisyo at suporta ng gubyerno?
Maaaring makuha o tingnan ng mga matatanda ang direktoryo ng mahigit 20,000 na serbisyong pangkomunidad, panlipunan, pangkalusugan at sa gubyerno sa pamamagitan ng pagtawag sa 2-1-1 o pagtingin sa web sa http://www.211toronto.ca/splash.jsp. May teleponong nakalaan sa impormasyong pampubliko ang Lungsod sa 416-338-0338. Makikita rin ang mga serbisyo at programa sa web site ng Lungsod sa toronto.ca/seniors. Kasama sa halimbawa ng mga programa at suporta ang akomodasyon, mga rekursong pinansyal, publikasyon, mga parke at libangan, sasakyang publiko at kalusugan.

Mayroon bang paglilinis ng yelo sa bangketa at kalye para sa matatanda?
Karamihan sa bangketa sa dating komunidad ng Etobicoke, North York at Scarborough, maraming bangketa sa East York at York, at ilang bangketa sa Toronto ay naitatabi sa loob ng 36 oras kung mahigit 8 cm (mga 3 in.) ng niyebe ang naipon. Subalit sa mga kalyeng tuluy-tuloy ang pagparada ng mga sasakyan at kung saan napakakitid ng mga bangketa, kailangang ang mga residente ang maghukay at magtabi ng niyebe mula sa bangketang nasa paligid ng kanilang pag-aari sa loob ng 12 oras matapos ang pagbagsak nito.

Kung kayo'y isang matanda o may kapansanan at nakatira sa lugar na hindi agad inaalis ang niyebe sa bangketa, maaari kayong magrehistro para magpalinis ng inyong bangketa. Tumawag sa 416-392-7768 extension # 1.

Para makakuha ng tulong sa pagtatabi ng niyebe sa mga pribadong pag-aari, maaaring tumawag ang mga matatanda at may kapansanan sa Access Toronto sa 416-338-0338 o mag-e-mail sa accesstoronto@toronto.ca para makakuha ng listahan ng mga organisasyon na nagbibigay ng ganitong serbisyo. May maliit na bayad para dito. toronto.ca/faq/seniors.htm

Paamo kung kailangan ko ng pinansyal na tulong?
May mga programa ang gubyerno at mga ahensya labas gubyerno para sa tulong pinansyal at panlipunan kasama na ang mga pondong pang-emerhensya,

pantugon sa pangungupa, Ontario Disability Support Program, Ontario Works at mga panghalili o dagdag sa kinikita tulad ng Old Age Security at Disability Benefits. Makakatulong din ang mga ahensya sa pagpuno ng mga form at apila. Tumawag sa 2-1-1 para sa higit pang impormasyon o tingnan ang: http://www.211toronto.ca/fs_inc_security.jsp

Mayroon bang mga Programang Pantulong sa Pagbabayad ng Buwis at Tubig ang Lungsod?

Ang mga matatanda at mga taong may kapansanan, na mababa ang kinikita, ay maaaring makakuha ng diskwento sa bayad nila sa tubig; maaari ding makansela o maipagpaliban ang kanilang pagbabayad ng dagdag sa buwis sa pag-aari. Maaari kayong umaplay taun-taon para sa bawat isa sa mga programang ito. Makukkuha ang impormasyon tungkol sa mga pamantayan ng pagiging karapatdapat para sa programa sa Abril 2009.

Paano kung kailangan ko ng tulong sa bahay?

May mga serbisyo ng tulong sa bahay na maaabot ninyo mula sa iba't ibang ahensya kung pipiliin ninyong manatili sa sarili ninyong tahanan. Ang mga ito'y maaaring ihatid sa nyo mula sa isang Community Care Access Centre (CCAC) kung ang inyong pangangailangan sa pangangalaga ay umaayon sa pamantayan ng CCAC. Maari ding bilhin ang mga serbisyong ito sa ilang ahensyang sumusuporta mula sa komunidad. Ang Lungsod ay tuwirang nag-aayos ng mga serbisyong pambahay para sa matatanda na walang sariling kakayahang pinansyal para bilhin ang mga serbisyong ito, kung maayunan ang ilang pamantayan para maging karapatdapat.

Ang pang-umagang programa para sa mga may gulang, na alok ng Toronto Long-Term Care Homes and Services, ay maaari din ninyong pakinabangan. Ang programang ito'y nagbibigay ng magandang oportunidad para sa matatanda na "lumabas," lumahok sa mga programang panlipunan at pangkalusugan, at makipananghalian sa bagong mga kaibigan. Ang programa'y nagbibigay ng pahinga sa mga caregiver at tumutulong sa mga matatanda na manatili sa sarili nilang mga tahanan.

Kung kailangan ninyo ng pag-aalaga at personal na suporta sa inyong mga aktibidad sa pang-araw-araw na buhay, maaari ninyong pag-isipan ang pagtira sa tahanang para sa pangmatagalang pangangalaga (long-term care home o home for the aged o nursing homes). Ang mga tahanang para sa matatanda (home for the aged) ay pinatatakbo ng mga munisipalidad o mapagkawanggawang organisasyong di-pangnegosyo (not-for-profit). Sa kabuuan, ang mga nursing home ay pinatatakbo ng mga organisasyong

pangnegosyo (for-profit) bagamat may maliit na bilang ng not-for-profit nursing homes sa loob ng Toronto. Ang Lungsod ng Toronto ang may-ari at tuwirang nagpapatakbo ng sampung tahanang para sa matatanda. Iba pang alternatiba ang mga tahanang pang-retiro at mga apartment.

Para sa impormasyon hinggil sa mga serbisyong pambahay, programang pang-araw para sa mga may edad (adult) , suportang pabahay o tahanang para sa pangmatagalang pangangalaga na pinatatakbo ng Lungsod ng Toronto, umugnay sa Long-Term Care Homes and Services Division sa 416-392-8906 o tingnan ang toronto.ca/ltc.

Paano akong makakakita ng mga programang panlibang na para sa mas nakatatanda?
Ang Lungsod ay mayroong mga programang para sa mga mas nakatatanda. Makakakilala kayo ng bagong mga kaibigan, makakabisita sa mga dati nang kakilala, makakapanatiling aktibo at malusog. Mapupuno ang inyong kalendaryo ng mga aktibidad sa mga sentro para sa mas nakatatanda , mga programang panlibang (kasama na ang leisure skate at paglangoy), espesyal na mga palabas, mga palihan at salu-salo. Tingnan ang FUN Guide ng Lungsod para sa mga programang maaaring maka-interes sa inyo o ang website ng Lungsod para sa dagdag pang impormasyon: toronto.ca/parks/torontofun/fun-guide-descriptions.htm#olderadults

Kung hindi ninyo kayang magbayad para sa mga programang panlibang, maaari kayong maging marapat sa programang Welcome Policy ng Lungsod. Alamin ang tungkol sa programang ito sa: toronto.ca/parks/welcome_policy.htm.

Mga serbisyo para sa mas nakatatanda na iniaalok ng ibang antas ng gubyerno at ibang ahensya ng komunidad gayundin ng Lungsod ng Toronto. Para sa dagdag pang kaalaman, tingnan ang toronto.ca/seniors/subject_dir.htm#housing.

Makakatulong ang Inyong Lungsod

Ang Lungsod ng Toronto ay kumikilos para tuwirang tulungan ang mga residente at negosyo ngayong panahon na walang katiyakan sa kabuhayan (economy). Bilang bahagi ng 2009 Operating Budget, kamakaila'y inanunsyo ng Lungsod ang bago at dinagdagang mga programa at serbisyo sa mga lugar na magkakaroon ng pinakamatinding epekto sa mga taong apektado ng resesyon. Ito'y dagdag sa marami nang serbisyong inaalok ng Lungsod sa mga residente at negosyo para magtagumpay at maharap itong mahihirap na panahon. Ang mga aksyong ginawa ay nangangahulugang sa taong 2009:

- 100 pamilyang nakatira sa social housing ng Toronto ay hindi mangangambang mapatalsik dahil sa hindi sila makapagbayad ng upa.

- 1,300 pamamahay na mababa ang kita na nahuhuli sa pagbabayad ng upa ay makakalapit sa mas pleksibleng pautang mula sa Toronto Rent Bank para makapanatili sa kanilang tirahan, hindi mapatalsik at makaiwas sa pgkabangkarote sa kabuhayan.

- 450 pamamahay na kailangang lumisan ng kailang tirahan para makakuha ng tirahang kaya nilang bayaran ay makakakuha ng tulong na kailangan nila para mabayaran ang deposito sa upa nang nakaraang buwan sa isang yunit na walang subsidyo – depositong karaniwa'y kailangan subalit kakayanin naman para sa marami.

- Pabibilisin ng Lungsod ang planong "Starting in the Right Place" ng Toronto. Sa pamamagitan ng 14 na upisina para sa employment at social services at mga bagong web-based tools, patuloy na tutulungan ng Lungsod na maghanap ng trabaho, edukasyon at pagsasanay, pinansyal na tulong at makakuha ng serbisyo sa pag-aalaga ng bata, at suporta sa pabahay at kalusugan. Palalawakin din ng Lungsod ang mga programang Investing in Neighbourhoods and Partnership to Advance Youth Employment.

- Magtatayo ang Toronto Employment and Social Services ng Toronto Employment Hub sa loob ng Metro Hall at magkakaroon ng isang todo-serbisyong resource centre para sa paghahanap ng trabaho,impormasyon tungkol sa mga oportunidad sa trabaho at programa ng pagsasanay sa hospitality services sa YMCA.

- Tutulungan ng Toronto Public Library ang mga naghahanap ng trabaho sa pamamagitan ng pagpapalawak ng mga programa sa trabaho upang abutin ang

mahigit 6,000 tao, pagdagdag ng 35,000 bagong aklat sa lahat ng 99 sangay para sa dagdag na mga rekurso para sa trabaho, at pag-aalok ng bagong online website para sa trabaho, karera at impormasyon para sa maliit na negosyo sa torontopubliclibrary.ca/jobhelp.

- Ang mga matatandang nakatirang malapit sa mga tahanan ng Lungsod para sa pangmatagalang pangangalaga ay maaaring makagamit ng mga cafeteria na pantanghalian para makabili ng masustansyang pagkain sa murang halaga at makain ito sa tahanan o maiuwi nila.

- Magpapalawak din ng kanilang mga serbisyo ang mga tahanan para sa pangmatagalang pangangalaga (long-term care homes) na nagpapatakbo rin ng programang pang-araw para sa mga nakatatanda para makapagtayo ng ligtas na drop-in centres para sa matatanda.

- Palalawakin ng Lungsod ang kasalukuyang programa ng mga maybahay para makapaghatid ng serbisyo sa pangangalaga ng bahay sa marami pang matatandang mababa ang kita na karapatdapat naman. Tumutulong ang mga programang ito sa pagmamantini ng kasarinlan ng ating matatanda at sumusuporta sa malusog na pamumuhay.

- Ilulunsad ng Toronto programang "Gold Star" para sa mga pag-unlad sa negosyo. Isa itong pinalaking programa na may case management approach na magpapadali sa pagpapatibay ng munisipyo ng mga estratehikong pagbabago sa industriya at mga upisina. Sampung proyekto na magpapanatili/magluluwal ng 20,000 trabaho at $2.3 bilyong halaga ng puhunan ay tatanggap ng "Gold Star Service." May tatlo pang dagdag na proyektong inaasahan sa 2009. Kagyat at epektibong karapatdapat ang mga proyektong pang-Industriya, para sa Upisinang pang-Negosyo at pang-Industriya. Bawat proyekto ay nakaatas sa isang District Review Team na pinangungunahan ng isang Planning Director at isang Economic Development officer; aktibong nakikipagtulungan sila sa nagpauna ng proyekto at mga kagawad sa buong korporasyon para tukuyin ang mga rekisitos sa pagpapatibay, tumulong sa paglutas ng anumang isyu at tiyaking nabibigyan ng kagyat at napapanahong pansin ang kliyente.

Ang bagong mga web page sa website ng Lungsod ay nakalaaan sa pagbibigay sa mga residente at negosyo sa Toronto ng kinonsolidang impormasyon tungkol sa bago at dinagdagang mga serbisyo at programa ng Lungsod.

toronto.ca/torontohelps

Tungo sa katarungang panlipunan at makatuwirang mga komunidad
Ang kaligtasang pangkomunidad ay mahigit pa sa kawalan ng karahasan. Ito'y tungkol sa katarungang panlipunan at pagtitiyak na lahat, laluna ang kabataan at matatanda sa mga bulnerableng komunidad, ay tinatrato nang may dangal at respeto. Ito rin ay pagtiyak na ang lahat ay may pagkakataong maabot nang lubos ang kanyang potensyal o kakayanan.

Toronto ang pinakamalaking lungsod ng Canada—subalit ito rin ay isang lungsod ng mga komunidad. Nakatira tayo sa mga komunidad, ibinibilang natin ang sarili natin na kaisa nila at tinatawag natin silang tahanan, subalit hindi lahat sila'y nabuong pantay-pantay. Tinukoy ng Lungsod ng Toronto ang 13 komunidad na, dahil sa mataas na antas ng kahirapan, kawalan ng trabaho at mga serbisyo't imprastrukturang panlipunan, itinakdang mga prayoridad sa pamumuhunan. Mamumuhunan ang Lungsod sa mga eryang ito sa pamamagitan ng paglalaan ng bagong mga programa at pasilidad. Ang sumusunod ay isang halimbawa ng programa na sinimulan sa Toronto's Priority Neighbourhoods for Investment.

Lumilikha ng sariling ispasyo ang kabataan
Ang mga kagawad ng Lungsod, mga kabataan, at mga kumikilos sa hanay ng kabataan ay sama-samang natututo habang lumilikha ng bagong mga ispasyo para sa kabataan sa 13 prayoridad na komunidad na pupuhunanan. Mga kabataan – na siyang gagamit sa ispasyong malilikha – ay kabahagi sa pagbubuo ng desisyon at aktibong kalahok sa pagpapasya kung saan gagastahin ang pondo.

Sa Malvern, nakikipagtrabaho ang kabataan sa mga kagawad ng aklatan, mga kumikilos sa hanay ng kabataan at sa mga kagawad ng Community Development para lumikha ng nakalaang ispasyong para sa kabataan na nakaugnay sa Malvern Branch. Ang sabi ng isa sa mga kabataang kalahok sa proyekto: "Ikinalulugod naming ang pagkakatong makatulong sa The SPOT na inisyatiba. Alam namin kung anong nais ng kabataan sa aming komunidad mula sa isang centre." Nakikinabang din ang mga kagawad ng Lungsod sa The SPOT na inisyatiba habang kanilang nililinang ang kakayanan nilang makitungo't humarap sa mga usapin at matutong maging mapanlikha at bukas sa mga pagbabago sa kanilang pagtatrabaho.

Ang iba pang ispasyong binubuo ay sa Weston-Mount Denis, Dorset Park, Flemingdon/Victoria Village, Eglinton East-Kennedy Park and Steeles-L'Amoureaux. Lahat ng proyektong ito ay pinopondohan sa pamamagitan ng Partnership Opportunities Legacy (POL) Fund at City partners.

Paboritong Tampok na Katangian ng Lungsod, Paboritong Serbisyo ng Lungsod

May paboritong lugar ba kayo sa Toronto? Anong espesyal sa lugar na iyon?
Tiyak na ang espesyal na lugar ko sa Toronto ay Sunnybrook Park (malapit sa Leslie Street at Eglinton Avenue East). Napakaganda ng mga daanan dito at malait sa bahay ko. Aliw na aliw akong maglakad doon kasama ang aking pamilya.

Mayroon bang serbisyo ng Lungsod na espesyal sa iyo?
May dalawang sangay ng Toronto Public Library na regular ong pinupuntahan: S. Walter Stewart at Flemingdon Park. Ang S. Walter Stewart ay bago, may tunay na magandang arkitektura at liwanag mula sa araw; ang Flemingdon Park ay malapit sa bahay ko at may wireless internet.

-Shakib Shaikh, North York

Kayo ba'y may paboritong lugar sa lungsod? May isang serbisyo ba kayong tunay na nagugustuhan? Sumulat sa amin sa ourtoronto@toronto.ca

Toronto Song Contest

Bilang bahagi ng pagdiriwang ng ika-175 anibersaryo ng Lungsod, inihahanda ng Lungsod ng Toronto ang Toronto Song Contest. Kami'y naghahanap ng orihinal na awit na nakakapukaw ng damdamin sa kagandahan n gating lungsod, isang awit na magpupugay sa dakilang diwa at walang-kapantay na pagkakaroon ng mamamayang mula sa sari-saring uri at kultura. Tingnan ang toronto.ca/175/song_contest.

Photo Contest ng Lungsod ng Toronto
"Nagbubuo ng isang dakilang lungsod – nang sama-sama"

Tinatawagan ang lahat ng litratista sa Toronto! Magdaraos ang Lungsod ng Toronto ng isang paligsahan ng litratong tinaguriang **"Nagbubuo ng isang dakilang lungsod – nang sama-sama"**. Kami'y naghahanap ng mga larawang malakas na makapagpapalitaw ng ng diwa, sigla at kakaibang katangian ng Toronto.

Kung kayo'y nasa 18 taong gulang o higit pa, iniimbita naming ipakita ninyo sa amin ang Toronto mula sa inyong mga mata sa pamamagitan ng pagsusumite ng mga digital na litrato na sumasalamin sa buhay sa ating dakilang lungsod. Ibahagi sa amin ang inyong mga litrato at maging karapatdapat na tumanggap ng mga espesyal na premyo ng Lungsod ng Toronto!

Ilalagay sa internet website ng Lungsod ng Toronto ang mga litratong nagwagi at runner up. Maaaring gamitin ng Lungsod ng Toronto ito at ang mga litratong may honourable mention sa komunikasyon nitong nakalimbag at elektroniko.

Ang mga kalahok ay susuriin at huhusgahan batay sa laman, kalidad ng larawan, pagkamalikhain, pagiging katangi-tangi at kabuluhan sa tema ng paligsahan at kategorya, at kabuuang kakayanang makaakit sa paningin. Isang lupon ng tatlong tao ang huhusga sa mga kalahok at lahat ng desisyon ng husgado ay pinal.

Deadline ng paligsahan: Lahat ng litratong ilalahok ay dapat na matanggap sa Biyernes, Hunyo 12, 2009, 11:59 n.g. Papaabutan ang mga nanalo sa Hulyo 2009.

Tingnan ang www.toronto.ca o www.flickr.com para sa impormasyon tungkol sa kung paano makakalahok at ang mga alituntunin ng paligsahan.

Ipadala ang inyong mga litrato upang magwagi!

Ang 20-minutong Toronto Makeover

Tumulong sa paglilinis ng kalat sa Abril 24, 2 n.h. Muling gamitin ang plastic bag o kumuha ng mga bag/guwantes mula sa mga pwesto ng Toronto Pizza Pizza, City Community Centre at Civic Centre. Para sa detalye at para magrehistro, iklik ang toronto.ca/litter